# ANG PLANO NG DIOS PARA SA TAO

## 23 NA LEKSIYONG PAG-AARLAN SA TAHANAN

God's Plan for Man
23 Home Study Lessons —
Tagalog Language

ISANG BABASAHIN NG DAWN

**Ang Plano ng Diyos Para sa Tao**

Ang Paglikha Ng Tao .......... 3
Nagsimula Ang Paghahari Ng Kamatayan .......... 5
Ang Pag-asa Ng Kaligtasan .......... 7
Ang Tagapagligtas At Kaligtasan .......... 9
Pagsunod Sa Guro .......... 12
Ang Makalupa Na Kaluwalhatian .......... 14
Ang Makalangit Na Kaluwalhatian .......... 17
Ang Pag-asa Sa Imortalidad .......... 19
Ang Ipinangakong Pagbabalik-muli Ni Kristo .......... 22
Ang Paraan Ng Pagbabalik Ng Ating Panginoon .......... 24
Tatlong Mundo .......... 26
Apat Na Yugto .......... 29
Ang Araw Ng Panginoon .......... 32
Ang Layunin Ng Pagbabalik Ng Panginoon .......... 35
Ang Kaharian Ni Kristo .......... 37
Ang Mga Sakop Ng Kaharian Ay Pinagpala .......... 39
Sinubukan Ng Dios Ang Kanyang Bayan .......... 42
Ang Unang Pagkabuhay-Muli .......... 44
Ang Mas Mabuting Pagkabuhay-Muli .......... 47
Ang Pangkalahatang Pagkabuhay-Muli, (Unang Bahagi) .......... 49
Ang Pangkalahatang Pagkabuhay-Muli, (Ikalawang Bahagi) 52
Ang Pagiging Kaisa Ng Dios ay Naibalik Na .......... 54
Wala Ng Kamatayan .......... 57

*Inilathala Sa U.S.A. ng*

DAWN BIBLE STUDENTS ASSOCIATION
East Rutherford, NJ 07073

# ANG PLANO NG DIOS PARA SA TAO

Ang buong uniberso ay pinamamahalaan sa pagsunod ng hindi mababagong plano ng Maylalang. Dahil totoo ito, yaong mga naghahasik ng binhi ay nakababatid na sa tamang panahon siya ay mag-aani; at ang mga marurunong magbasa ng mga galaw ng bituin, buwan at araw ay nakakahula sa eksaktong nga galaw ayon sa petsa at oras nito. Ang Dios ay mayroon ding plano para sa mga makalupa Niyang nilikha, ang bawat detalye nito ay unti-unting ginagawa ayon sa kanyang disenyo.

Nilikha ng Dios ang lupa upang maging tirahan ng tao habang buhay, ngunit sinabihan Niyang patiuna ang ating unang mga magulang na upang patuloy silang mabubuhay kailangan nilang sumunod sa Kanyang batas. Sila ay sumuway at hinatulan ng kamatayan. Ito ay namana at ang sumpang kamatayan ay lumaganap sa kanilang lahi, at ang buong sangkatauhan ay nakararanas ng kasalanan, sakit at kamatayan sa loob ng mahigit anim na libong taon. Kinatatakutan sa ngayon na baka malipol ang lahat ng tao sa pamamagitan ng maling pag gamit ng mga tuklas at imbension ng tao.

Ngunit tinitiyak sa atin ng Biblia na hindi ito mangyayari, sa halip, ang lahi ng tao ay ibabalik sa buhay gaya ng orihinal na disenyo nito ng Maylikha. Ang plano ng Dios, sa loob ng mga siglo, ay umaabante tungo sa katuparan at kaganapan nito, at isiniwalat ng Dios na malapit na ang panahon ng maluwalhating kaganapan ng planong yaon. Ang mga nakakaunawa ng plano ng Dios para sa tao ay napupuno ng pag-asa sa halip ng takot. Ang banal na plano ay may maraming bahagi, gaya ng inyong matutuklasan sa paggamit mo ng bukletang ito. Hindi ito bukleta ng basta na lamang basahin. Higit mong makukuha ang pinakamabuti mula rito kung siguraduhin mong maintindihan at masagot ang mga tanong ng bawat aralin bago tumuloy sa susunod. At upang makamtan mo ang kaalamang ito mahalaga rin na basahin ang lahat ng mga tekstong nakasulat at ang reperensiyang pinagkunan. Ipinagkakatiwala namin sa iyo ang topikal na pag-aaral sa Biblia. Kung may mga katanungan ka na hindi nasasagot sa pag-aaral na ito, huwag kang mag-atubiling sumulat sa amin hinggil dito.

Ang pinagkukunan ng materyal na nakatala sa "Tulong Para Sa Mga Estudyante" ay ang anim na tomo na aklat na Studies In The Scriptures. Ang mga pantulong sa pag-aaral ng Biblia na ito ay mabibili sa DAWN, o puwede silang mahiram. Tingnan ang loob ng huling pahina (inside back cover).

# PAG-AARAL NG BIBLIA

## Ang Plano Ng Dios Para sa Tao

**Aralin 1**

## Ang Paglikha Ng Tao

1. Ang anim na "araw ng paglalang" na binanggit ng unang kabanata ng aklat ng Geneses ay walang kaugnayan sa orihinal na obra ng paglikha ng Oniberso kundi sa paghahanda ng ating mundo upang sustentuhan ang buhay, lalo na ang buhay ng tao. Pinaalam na sa atin na ang mundo ay dati nang umiiral bago ang pasimula ng "mga araw" ng paglalang. —Geneses 1:1 (A)

2. Ang mga araw na ito ay sa katunayan mahahabang panahon o yugto ng panahon kung kailan ang unti-unting paghahanda ng lupa para tahanan ng tao ay ginagawa. Nilikha ang tao bago matapos ang ika-anim na "araw," sa wangis ng Dios, at inutusang dumami at punuin ang lupa. (Gen. 1:26-31) Ang pagkalalang ng tao sa "wangis ng Dios" ay hindi nangangahulugan ng pisikal kundi moral na pagkahawig. Ang tao ay pinagkalooban ng kakayahang mangatuwiran at umunawa ng mga patnubay hinggil sa tama at mali, mabuti at masama. (B)

3. Ang pagkalalang sa atin sa wangis ng Dios ay hindi nangangahulugan na ang tao ay pinagkalooban ng imortalidad o pagka-imposibleng mamatay, at hindi rin ito nangangahulugan na may imortal na "kaluluwa" na itinanim o ipinasok sa sangkap ng tao. Ang salitang "imortal na kaluluwa" ay hindi makikita saan man sa Biblia. Ang salitang kaluluwa ay nangangahulugan lamang ng buhay na nilalang. Ang buhay na nilalang na si Adan, ay gawa ng sangkap na binuhay at pinagalaw ng "hininga ng buhay." —Gen. 2:7 (C)

4. Ang utos ng Dios sa ating unang mga magulang na dumami at punuin ang lupa ay naghahayag na ang banal na distino para sa tao ay ang pagmana ng lupa, na ginawa para maging tirahan niya. (Isa. 45:18) Ang tao ay nilikha bilang makalupa at ganap ang pagkaakma sa tahanang hinanda ng Dios sa lupa. (I Cor. 15:47) Walang sinabi sa ating unang mga magulang na sila ay ililipat sa ibang bahagi ng Oniberso.

5. Ang tao ay binigyan ng pamunuan ibabaw sa lupa at sa mga mababang hayop. (Awit 8:4-8) Inutusan siyang "supilin" ang lupa, ibig sabihin, siya ang magko-kontrol nito at gawin itong maganda, kapakipakinabang, at masagana. Sa halamang

tirahan na inilaan ng Maylikha sa ating unang mga magulang ay may kagandahan at saganang suplay ng pagkain upang sila ay patuloy na mabubuhay. —Gen. 2:8, 9

6. Puwedeng ipalagay na itong kahanga-hangang halamanang-tirahan ay dinisenyo ng Dios upang gawing parisan ng tao samantalang pinagsikapan niyang tuparin ang utos na ibinigay sa kanya na punuin ang lupa ng kaniyang mga lahi at supilin ito. At hindi mahirap isipin kung ano sana ang maging kalagayan kung nasunod lamang ang kaayusan ng Manlalalang.

7. Habang dumadami ang tao, ang halamanang tahanan na hinanda mismo ng Dios sa "silangang bahagi ng Eden" ay magiging maliit na, kaya dapat i-urong ang mga hangganan depende sa mga pangangailangan. Magpapatuloy sana ito hanggang sa ang buong lupa ay magiging malawak na paraiso, puno ng mga sakdal at maliligayang mga tao na tumatamasa ng tuloy-tuloy na sakdal na kalusugan at buhay, na nagagalak sa sikat ng araw ng mga ngiti ng Maylikha. Ito ang layunin ng Dios sa paglikha ng tao.

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

**Mga tanong**

Upang maunawaan ang plano ng Dios para sa kaligtasan ng sangkatauhan mula sa kasalanan at kamatayan, mahalagang malaman ang banal sa layunin sa paglikha ng tao. Masasagot niyo ba ang mga tanong na ito?

1. Ang orihinal na paglalang ba ng Oniberso ay siyang inilarawan ng unang kapitulo ng Geneses?
2. Ang mga "araw ba ng paglalang" sa Geneses ay mga 24-oras na mga yugto?
3. Ang tao ba ay nilikha na imortal, o binigyan ng imortal na kaluluwa?
4. Ano ang ipinahihiwatig ng utos ng Dios na punuin ang lupa at supilin ito?
5. Ipaliwanag kung ano sana ang mararanasan kung tinupad lamang ang kalooban ng Dios nang tuloy-tuloy?

(A)"The New Creation" pahina 18, parapo 1
(B)"The New Creation," pahina 39
(C)"The Atonement Between God and Man," pahina 307, 308

## Sumaryo ng Mahahalagang Punto

Ang tao ay nilikha sa wangis ng Dios, pinagkalooban ng kakayahang umintindi ng mabuti at masama. Siya ay inutusang

magpalaanakin at punuin ang lupa, na nilikha ng Dios upang maging tirahan niya habang buhay.

**Aralin 2**

## Nagsimula Ang Paghahari Ng Kamatayan

1. Disenyo ng Dios noon na magtamasa ang tao ng buhay na walang hanggan sa lupa, pero kinakailangan na patunayan niyang siya ay karapatdapat na magtamasa ng pagpapala ng buhay sa kanyang lupang tahanan sa pamamagitan ng pagsunod sa banal na batas. Ang parusa sa paglabag ng batas ng Dios ay kamatayan. — Geneses 2:15-17; Roma 6:23

2. Sa napaka-simpleng paraan, sinabi ng Dios ang kanyang batas at parusa kapag ito ay nilabag. Ngunit, si Satanas na nagsalita sa pamamagitan ng "ahas" ay nagsabi kay Eba na hindi magreresulta ng kamatayan kung sila ay lalabag sa utos ng Dios. — Geneses 3:1-5

3. Sa loob ng mahabang panahon mula noon, ang kasinungalingang ito ay inihahayag sa maraming paraan, na nagresulta na konti na lamang ang naniniwala na ang kamatayan ay totoo. Karaniwan sa mga relihiyonista sa mundo ng mga nag-aangking Kristiano at di-Kristiano ay nagpipilit na "walang kamatayan." Sa gayon, sumasang-ayon sila sa kasinungalingan na inihasik ng Diablo sa halamanan ng Eden.

4. Si Eba mismo ay nalinlang ng kasinungalingan ng Demonio at kumain ng ipinagbabawal na prutas. Inalok niya rin si Adan at ito rin ay kumain. Ngunit si Adan ay hindi "nalinlang." Alam niya kung ano ang magiging resulta ng kaniyang pagsuway. — I Tim. 2:14

5. Iniisip namin na parang posible na kulang ang pananampalataya ni Adan sa kakayahan ng Dios na ipagpaliban at patatawarin nito si Eba na magresulta rin ng pakinabang kay Adan; Sa gayun sinadya ni Adan na sumuway dahil iniisip niyang wala ng halaga ang buhay kung mawala ang kanyang kasamang si Eba. Kung ano man ang kaniyang katuwiran, ang kaniyang kasalanan ay talagang sinadya, at bumagsak sa kaniya ang hatol na kamatayan. (Gen. 3:17-19) Si Eba ay nagkaroon ng bahagi ng sumpang ito.

6. Ang paglabag at sumpa ng ating unang mga magulang ay nangyari bago ipinanganak ang kanilang supling. Nangangahulugan ito na ang proseso ng kamatayan ay

nagsimula na nang isinilang ang kanilang mga anak. Sa gayon ang kanilang mga anak ay naging di-perpekto at natural lamang na sila ay nakapagpana ng sumpang kamatayan. — Roma 5:12

7. Sa ganung paraan nagsimula ang kasalanan at kamatayan, at ito ay nagpapatuloy sa mahigit na sa anim na libong taon. Sa loob ng panahong ito di na mabilang ang milyun-milyong tao na nagdurusa at namamatay. Ang kalungkutan, sakit, kirot — sa pisikal at mental — ay nararanasan ng lahat, ng bata man o matanda, sa lahat ng henerasyon. Ang mahabang panahon ng pagdurusa ng sangkatauhan ay inilalarawan ng Biblia bilang "gabi ng pagtatangis" na dumating sa lahi ng tao bilang resulta ng poot ng Dios, o sumpa, na dumadapo at nananatili sa sangkatauhan dahil sa kasalanan. (Awit 30:5) Ngunit, sa panahong itinakda ng Dios, gaya ng makikita natin sa susunod na mga kabanata, may kaligtasan sa pagdurusa at kamatayan.

8. Sinabi sa atin ni Apostol Pablo na ang "poot ng Dios ay ibinaba mula sa langit laban sa lahat ng kasamaan at pagiging di-maka Dios." (Roma 1:18) Nakikita natin ito tuwing nararanasan natin ang sakit at kamatayan. Sa totoo, ang tao ay natututo sa matinding resulta ng pagkakasala sa banal na utos.

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

### Mga tanong

Para maintindihan ang Plano ng Dios sa pagsagip ng nahulog na tao mula sa kamatayan, kailangan na maintindihan niyang mabuti kung ano ang nangyari sa Halamanan ng Eden. Masasagot mo ba ang mga tanong na ito?

1. Ano ang kundisyon noon upang ang sakdal na mga taong nilikha ng Dios ay makapagtamasa ng buhay na walang hanggan sa lupa?
2. Ano ang banal na kaparusahan ng kasalanan, at ano ang pandarayang sinabi ni Satanas tungkol dito?
3. Si Adan ba ay nalinlang ni Satanas may kinalaman sa kaparusahan ng kasalanan?
4. Ano kung gayon ang maaaring naging dahilan sa sadyang paglabag ni Adan sa utos ng Dios?
5. Ipaliwanag kung bakit pati ang mga lahi ni Adan ay nagkaroon ng bahagi sa hatol na kamatayan na ipinataw sa kaniya.
6. Ano ang isa sa mga paraan na inilalarawan ng Biblia ng paghahari ng kasalanan at kamatayan?
7. Paano inihayag ang poot ng Dios mula sa langit?

*Pinagkukunang Materyal*
"The Atonement Between God and Man," pahina 407-409

**SUMARYO NG MAHAHALAGANG PUNTO**

Ang pagsunod sa batas ng Dios ang siyang kundisyon upang ang lahat ng mga intelehenteng nilikha ng Dios ay magtamasa ng kanyang tuloy-tuloy na pagsang-ayon at mga biyaya ng buhay na walang hanggan.

**Aralin 3**

## Ang Pag-asa ng Kaligtasan

1. Nang ibaba ng Dios ang hatol na kamatayan sa ating unang mga magulang, hindi niya sila hinayaang walang pag-asa na balang araw at sa isang paraan, ang hatol ay maalis. Ang isang sinag ng pag-asa ay ating mapapansin sa sinabi ng Dios sa "ahas" patungkol sa pagdating ng "binhi" na susugat ng kaniyang ulo. — Gen. 3:15

2. Hindi natin puwedeng ipagpalagay na sina Adan at Eba ay malinaw na nakaunawa ng kahulugan ng sinabi ng Dios tungkol sa binhi ng babae; ngunit marahil ito ay nagbigay ng pag-asa sa kanila, dahil nang isilang ang panganay nilang anak na si Cain si Eba ay nagsabi, "Nakakuha ako ng isang tao mula sa Panginoon." — Geneses 4:1

3. Sa liwanag ng sunod-sunod na mga pangako ng Dios, lumilinaw ngayon na ang kapahayagan ng Dios tungkol sa isang binhi na susugat sa ulo ng ahas ay sa katunayan nangangahulugan na sa darating na takdang panahon ng Dios si Adan at ang kanyang angkan ay mailalabas mula sa pamumuno ni Satanas at maililigtas mula sa kasalanan at kamatayan. (Apoc. 20:1-3; I Cor. 15:25, 26) Nangangahulugan ito na ang orihinal na layunin ng Dios sa paglikha ng tao ay matutupad, at ang lupa ay maging isang malawak na paraiso, tatahanan ng mga tinubos na mga angkan ni Adan at sila ay ibabalik sa ibabaw ng lupa. — Apoc. 21:4

4. Mahigit kumulang mga dalawang libong taon pagkatapos mahulog ang tao sa kasalanan at kamatayan, ang Dios ay nangako kay Abram na nu'ng bandang huli ay tinawag na Abraham-na nagsasabi na sa pamamagitan niya at ng kanyang binhi ang lahat ng angkan sa lupa ay mabibiyayaan. (Gen. 12:3) Nang bandang huli, nang pinatunayan ni Abraham na siya ay karapat-dapat sa pamamagitan ng pagpakita ng pagka-handa

sa pagsunod sa Panginoon nang kaniyang ialay ang kanyang anak na si Isaac bilang hain, pinagtibay ng Dios ang kanyang pangako sa pamamagitan ng panata. — Gen. 22:15-18

5. Sa Bagong Tipan ang "binhi" na pinangako kay Abraham ay nakilala bilang si Kristo. (Gal. 3:8, 16) Binigay ang dagdag na paliwanag na yaong sumusunod sa mga yapak ni Kristo ay magiging kasama nila bilang ang ipinangakong "binhi." (Gal. 3:27-29 Nangangahulugan ito na ang mga tunay na Kristiano ay makikisali kay Jesus sa darating na gawaing magbibigay biyaya, kalusugan at buhay sa sangkatauhan.

6. Yaon ay dahil sa dakilang pag-ibig ng Dios sa kanyang mga makalupang nilikha na, kahit alam na Niya noon na susuway sila, gumawa pa rin Siya ng paraan sa pamamagitan ni Kristo upang sila ay mailigtas mula sa hatol na kamatayan. (Juan 3:16) Ang plano ng Dios sa pagligtas ng sangkatauhan mula sa kamatayan sa pamamagitan ni Kristo ay may kaparihong basihan sa Kanyang pag-kondena ng buong lahi ng tao sa pamamagitan ng isang tao. Nawalan ng buhay ang lahat ng tao sa pamamagitan ni Adan, kaya ang lahat ng tao ay magkakaroon din ng pagkakataon na magkamit muli ng buhay sa pamamagitan ni Kristo. — 1 Corinto 15:21, 22

7. Napakaraming pangako ng Biblia sa atin na nagbibigay kasiguraduhan na kapag nakompleto na ang Banal na Plano ng Dios mawawala na ang sakit, kirot, at kamatayan. Papalitan ng kaligayahan ang kalungkutan at ang lahat ng luha ay papahirin. (Isa. 25:8, 9) Ang kaligtasang ito ng mga tao mula sa kasalanan at kamatayan ay may kaugnayan ng pag "gising" sa lahat na namatay. Ang lahat nang ito ay "tinubos" na ni Jesus at kailangang ibalik sa dati nilang kinalalagyan. —Isa. 35:10 (A)

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

### Mga Tanong

Ang pagkaalam ng mga kasagutan ng mga tanong na ito ay nangangahulugan ng di-mabibiling kaalaman tungkol sa inihayag na mga pangako ng Dios sa mga makalupang nilikha. Ilan sa mga ito ang masasagot mo?

1. Panabayaan na lamang ba ng Dios ang ating unang mga magulang na walang pag-asa nang hatulan Niya sila ng parusang kamatayan?

2. Ano ang sinabi ni Eba na nagpapahiwatig na tila naisip niya na ang kaniyang anak na si Cain ang siyang "binhi" na binanggit ng Dios?

3. Sino ang ipinangakong "binhi" na susugat pa lamang sa ulo ng "ahas"; at ano ang magiging kahulugan ng buong kaganapan ng pangakong ito sa tao?
4. Ano ang pangako ng Dios kay Abraham hinggil sa isang binhi?
5. Ano ang ginwang paliwanag ni Pablo hinggil sa binhi at magiging sino ito?
6. Ipaliwanag kung paano ang pag-ibig ng Dios naglaan ng kaligtasan ng sangkatauhan mula sa kasalanan at kamatayan?
7. Ilarawan ang magiging kalagayan sa lupa kapag ang sanhi ng pagkasala ng tao ay isasang tabi?

*Pinagkukunang Materyal*

(A) "The Divine Plan of the Ages," mga pahina 191, 192

**Sumaryo Ng Mahalagang Punto**

Ang di-malinaw na kapahayagan na sinabi sa "ahas" hinggil sa isang "binhi" ay sa katunayan ang unang pangako ng kaligtasan sa nahulog na tao sa kasalanan at kamatayan.

**Aralin 4**

# Ang Tagapagligtas at Kaligtasan

1. Nang isilang si Jesus, ibinalita ng isang Anghel na siya ang magiging tagapagligtas. (Lucas 2:11) Ang plano ng Dios ng kaligtasan sa unti-unting namamatay na lahi ay nangangailangan ng paghahain ng isang sakdal na buhay ng tao bilang kapalit ng nawalang buhay ng sakdal na taong si Adan. Ngunit ang lahat na miyembro ng lahi ni Adan ay nahulog at di-mga sakdal kaya walang isa man ay puwedeng maging manunubos at tagapagligtas. — Roma 3:10; Awit 49:7
2. Ang hitik na pag-ibig ng Dios sa nahulog na lahi ng tao ay nag-udyok sa kanya upang suguin ang kanyang minahal na bugtong na anak sa sanlibutan upang siya ay maging tagapagligtas. (Juan 3:16; 1 Juan 4:14) Upang makapaglaan ng kalig-tasan mula sa kamatayan, kinakailangan na si Jesus ay maging tao, at ito ay natupad nang siya ay ipinanganak ng isang babae. (Heb. 2:9, 14) Malugod na ibinigay ni Jesus ang kanyang buhay upang ito ay makapaglaan ng kaligtasan para sa nahatulan at namamatay na lahi. — Juan 6:51
3. Minahal ni Jesus ang lahat ng tao sa mundo at hindi niya lamang binigay ang kanyang buhay upang mabuhay ang tao kundi nagdusa pa ng maraming pasakit at kagipitan. (Isa. 53:3-

7) Ang pagkamulat sa dahilan kung bakit si Jesus ay nagtiis para sa atin ang maghatid ng ating pag-ibig at pagsamba sa kanya at sa kanyang Makalangit na Ama, na nagbigay sa kanya upang maging ating Manunubos at Tagapagligtas.

4. Ginamit ng Bibliya ang salitang "kabayaran" o "pantubos" upang ilarawan kung ano ang nagawa sa atin ng kamatayan ni Jesus. (1 Tim. 2:5, 6) Ang salitang "kabayaran" o "pantubos," ayon sa pagkagamit ng Biblia may kaugnayan sa banal na plano ng pagtubos, ay nangangahulugang eksaktong halaga. Ang sakdal na taong si Jesus ay naging kapalit sa kamatayan sa sakdal na taong si Adan, na winala ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pagsuway ng banal na batas.

5. Sinabi ng Biblia na ang kaparusahan ng kasalanan ay kamatayan ngunit ang Dios ay gumawa ng paglalaan para sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pag regalo ng kanyang minahal na anak upang maging manunubos at Tagapagligtas. (Roma 6:23) Nangangahulugan ito na sa takdang panahon ng Dios ang lahat na miyembro ng lahi ni Adan ay magkakaroon ng pagkakataon na tangggapin ang inilaan na pag-ibig Dios nang sa ganun sila ay maligtas mula sa kamatayan. — 1 Cor. 15:22.

6. Ang kaloob ng Dios na buhay sa pamamagitan ni Kristo ay makakamtan lamang sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsunod. Ngunit, kinakailangan munang malaman at maintindihan ng tao ang paglalaan na ito para siya maniwala. (Roma 10:14, 15) Ang nakararaming bilang ng mga tao ay nangamatay na hindi nakatanggap ng tunay na kaalaman tungkol kay Kristo, ngunit hindi nangangahulugan na mawawalan na sila ng pagkakataon sa hinaharap na mananampalataya sa kanya at magkamit ng kaligtasan, sapagkat sila ay "ililigtas" o gigisingin mula sa kamatayan para sa layuning ito. — 1 Tim. 2:3-6

7.Sinabi sa atin ng Biblia ang tungkol sa darating na panahon ng pagbibigay biyaya sa mga tao, na sa oras na iyon ang kaalaman ng Panginoon ay lalaganap sa lupa at ang lahat ay makakikilala sa Panginoon at maglingkod sa Kanya nang sama-sama. — Isaias 11:9; Sofonias 3:9

8.Ang mga naniniwala kay Kristo ngayon at naghandog ng kanilang sarili sa pagtupad ng kalooban ng Dios ay "itinuturing na" na matuwid sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya. (Roma 4:24) Hindi na sila "kaiba" o "Hiwalay" sa Dios dahil sa sumpa na nauugnay kay Adan, bagkus, sila ay "kaisa" na niya, o, kabahagi na niya sa pamamagitan ng pananampalataya. (Roma

5:1; 8:1) Kapag itong nakapag-alay na na mga tagasunod sa yapak ni Jesus sa panahong ito ng Ebanghelio ay magtiis at manatiling tapat hanggang sa kamatayan, sila ay gagawaran ng napakagandang regalo na "imortalidad" o sa ibang salita, hindi na sila kayang puksain nino man. — 2 Pedro 1:4; Roma 2:7; 1 Cor. 15:53, 54

## Tulong Para Sa Mga Estudeyante

**Mga Tanong**

Marami ang nakababatid na ang Biblia ay nagbabanggit ng kaligtasan at ang tungkol kay Jesus bilang Tagapagligtas, ngunit ano ang kahulugan ng mga katagang ito? Ilan sa mga susunod na tanong ang kaya ninyong sagutin?

1. Sa anong paraan lamang magagawa ang kaligtasan ng lahi na unti-unti nang namamatay?
2. Bakit kailangan pang ipanganak muna si Jesus sa mundo bilang tao upang maging Tagapagligtas?
3. Paano natin malalaman na si Jesus at ang Kanyang Makalangit na Ama ay umiibig sa nuhuhulog at unti-unting namamatay na lahi?
4. Ano ang ibig sabihin ng salitang "kabayaran" gaya ng pagkagamit ng Biblia?
5. Gaano kalawak ang magiging resulta ng "kabayaran" o "pagtubos" na inilaan ng kamatayan ni Jesus?
6. Ano ang paglalaan na ginawa ng Dios para sa buong lahi ni Adan upang magkaroon ng pagkakataon na makinabang sa "kabayaran" o "pantubos"?
7. Ang mga mananampalataya ba sa ngayon ay nakatatanggap ng buhay sa pamamagitan ni Kristo?

Pinagkukunang Materyal

"The Atonement Between God and Man," pahina 417, par. 2 hanggang pahina 420

Sumaryo Ng Mahahalagang Punto

Si Jesus ay naging Tagapagligtas ng Mundo sa pamamagitan ng pagbigay ng kanyang buhay bilang "kabayaran" ng naiwalang buhay ni Amang Adan.

**Aralin 5**

# Pagsunod sa Guro

1. Inaanyayahan ni Jesus yaong nanampalataya sa Kanya na maging kanyang mga tagasunod. Ngunit niliwanag niya na ang pupuwedeng maging mga tagasunod niya ay yaon lamang handang magtatwa o magtakwil ng kanilang sarili at magpasan ng Krus. (Mateo 16:24) Pinaliwanag ni Jesus na hindi karapat-dapat sa Kanya yaong nagmamahal ng kanilang pamilya higit sa kanya. (Mateo 10:37, 38) Ang kahilingan o kundisyon ng pagiging desipulo ay napakabigat. Hindi ito ang mga kahiligan na kailangang gawin ng mga tao sa pangkalahatan upang matanggap nila ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Kristo kundi para lamang sa mga tunay tagasunod ni Kristo sa kasalukuyang panahon.

2. Ang pagtatatwa sa sarili gaya ng itinuro ni Jesus ay hindi lamang ang pag-iwas sa mga masasarap na pagkain o mga kasayahan. Sa halip, ito ay ang pagtatatwa sa sarili nang buong-buo, pag-aalay ng sarili sa Panginoon nang buong-buo, na pinagkakaitan ang sarili ng lahat ng karapatang patakbuhin ito. Ito ay ang kompletong pagtanggal ng sariling karapatan at pamamaraan ng isang tao, at ang pagtanggap ng Kalooban ng Panginoon bilang patnubay ng buhay. Nangangahulugan ito ng buong pagbabago ng pananaw ng buhay, pagbabago ng isip upang ito ay iayon sa kalooban ng Dios.

3. Ang kahulugan ng pagpasan ng Krus ay higit pa sa pagtitiis ng di-nakalulugud na mga karanasan. Ang kahulugan ng pagpasan ng Krus ni Kristo ay ang pagiging handang magdusa at mamatay na kasama ang guro. Yaong hinatulan ng kamatayan ilalim sa batas ng mga Romano ay nagpasan ng kanilang Krus patungo sa dako na pagpapakuan. Ang ibig sabihin ng pagpasan ng Krus, sa katunayan, ay: Ang isang tao ay paroroon na sa kanyang kamatayan, at ito ang matalinghagang kahulugan ng pagpasan ng Kristiyano ng Krus bilang mga tagasunod Niya. — Roma 6:3-6; 2 Tim 2:11, 12

4. Ang pagiging desipulo ni Jesus ay hindi lamang nangangahulugan ng pagkakaroon ng malinis-sa-moral at matuwid na pamumuhay. Mas mahigit pa rito. Nangangahulugan ito ng pag-aalay ng iyong buhay sa gawain ng Dios na sa ngayon ay isinagawa sa pamamagitan ni Jesus. Ang pag-aalay sa gawaing ito ang siyang nagdala at umaakay sa iyo na isakripisyo ang iyong sarili at ang iyong mga kagustuhan.

Ganito ang buhay Kristiyano.

5. Ngunit ang buhay na nagsasakripisyo para sa gawaing Kristiyano ay may mga gantimpalang kapayapaan at kagalakan sa Panginoon, sanhi ng pagiging sigurado ng makalangit na pagsang-ayon. Ang kapayapaan at kagalakang ito ay batay sa kaalaman na ang ating Dios ay siyang nakababatid kung ano ang pinakamabuti para sa atin. Ginagawa Niya na magkatugmatugma ang lahat ng bagay para sa ating ikabubuti. —Roma. 8:28

6. Ang mga tagasunod sa yapak ni Jesus kapag mananatiling tapat ay mayroon ding mga gantimpala sa hinaharap. Kapag sila ay mananatiling tapat at mamamatay na kasama ni Jesus, sila ay maninirahan at maghahari na kasama siya. — Roma 8:17, 18; Apoc. 3:21

7. Ang layunin sa paghahari at pagiging kasama ni Jesus ay ang pakikibahagi sa kanya sa gawaing pagbibigay biyaya gaya ng kalusugan at buhay sa mga nakararaming tao sa mundo, biyayang pinagkaloob niya sa pamamagitan ng kanyang sariling kamatayan bilang Manunubos at tagapagligtas ng sanlibutan. Ang karapatang makibahagi sa kaluwalhatian ni Jesus ay inilarawan ni Pablo na "gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Dios patungo sa langit." — Fil. 3:14 (NIV, Tagalog)

## Tulong Para sa Mga Estudyante

### Mga Tanong

Wala ng hihigit pang kurso, gawain o misyon kaysa pagiging dedikadong tagasunod ng ating Guro, gaya ng ipapakita ng mga sagot sa katanungang ito:

1. Ano ang kahilingan ng pagkadesipulo ng mga Kristiano ayon sa sinabi ni Jesus?
2. Kailangan bang masunod ito ng nakararaming tao sa mundo upang makamtan nila ang buhay na walang hanggan sa lupa?
3. Ano ang ibig sabihin ni Jesus ng pagtakwil sa sarili?
4. Ano ang ibig sabihin ng pagpapasan ng Krus?
5. Ano ang iilan sa mga gantimpala na nararanasan sa ngayon ng mga nag-aalay ng kanilang buhay sa gawain ng Panginoon?
6. Ano ang mga gantimpala na matatanggap sa hinaharap ng mga nagtitiis at namamatay na kasama si Jesus?
7. Ano ang layunin ng paghahari at pananahan na kasama si Jesus?

*Pinagkukunang Materyal*
"The New Creation," pahina 443, parapo 2, at pahina 444

**Sumaryo Ng Mahahalagang Punto**

Ang kalusugan ng pagiging Kristiano ay higit pa sa pagkakaroon ng matuwid na pamumuhay. Nangangahulugan ito ng pagtitiis hanggang sa kamatayan.

**Aralin 6**

## Ang Makalupa na Kaluwalhatian

1. Ang isang nakamamangha sa mga gawa ng Dios ng paglalang ay ang napakaraming uri nito. Ang mga naniniwala sa Ebolusyon ay nagsasabi na ang pagkaramiraming uri ng mga buhay (species) ay nangangahulugan lamang na may nagaganap na pag-usad tungo sa mas mabuti, at na ang mga ito ay pabagu-bago ng anyo habang ang isang uri ay nagbabago tungo sa panibagong uri. Ito raw ay nagpapatuloy na nagbabago nang walang katapusan ngunit di-planado at di-sinasadya. Hindi sumasang-ayon ang Biblia sa ideang ito. Tinutoro ng Biblia na ang maraming uri ng nabubuhay na nilalang ay dinisenyo ng Dios at ang mga "uri" nito ay hindi nagbabagu-bago. — 1 Corinto 15:39; Geneses 1:24, 25

2. Ang pinakamataas na uri sa mga makalupang nilihka ng Dios ay ang tao. Ang tawag dito ni Apostol Pablo ay "terrestrial," na ang ibig sabihin ay Tagalupa o makalupa, (1 Cor. 15:40) Ang tao ay nilikha sa wangis ng Dios, at noong siya'y sakdal pa nababanaag sa kanya ang katangian ng Manlilikha. — Geneses1:26, 27; Awit 8:4, 5; Heb. 2:6, 7

3. Ang tao ay hindi pinaghalong makalupa at makalangit na uri. Walang "hybrids" o mestiso nang likhain ng Dios ang ibat-ibang uri. Ang tao na lamang ang gumawa nito. Ngunit, gaya ng makikita natin sa susunod na mga aralin, mayroong limitadong bilang ng mga tao, ilalim sa kondisyon na magiging tapat, ay itataas sa mas mataas na uri sa panahon ng pagkabuhay-muli. Hindi ito nangangahulugan na ang tao ay may likas na "bahaging espirituwal." — 1 Cor. 15:47-49

4. Ang sakdal na tao ay binigyan ng karapatang maghari ibabaw ng lahat ng mababang uri na mga nilikha. Sa ganitong paraan siya ay pinagkalooban ng legal na kaluwalhatian ng Manlilikha,

bilang siya rin ay naghahari ng buong Oniberso. — Geneses 1:28; Awit 8:4-8

5. Dahil sa pagsuway sa banal na utos, winala ng tao hindi lamang ang kanyang buhay kundi pati na rin ang kanyang karapatang mamuno ng buong daigdig. Dahil nito, di na natin nakikita na nababanaag sa lahi ng tao ang kaluwalhatian, ng Dios gaya ng nakamtan ng unang taong si Adan. Ang nakikita natin sa ngayon ay ang taong nahulog, di-sakdal, unti-unting namamatay, di-nakakaiwas mula sa pagkaalipin ng kasalanan at kamatayan na kanyang kinasadlakan dahil sa kanyang pagkakasala. —Awit 14:1-3; 53:1-3; 49:7; Roma 3:10, 12, 23

6. Ngunit patuloy pa ring iniibig ng Dios ang kanyang makalupang nilikha; gumawa siya ng paglalaan upang maligtas ang tao mula sa kasalanan at kamatayan. (Awit 102:19, 20; Juan 3:16, 17; 5:28, 29, RSV) Ang inilaan ng Dios para sa kanyang makalupang mga nilikha ay ang "pantubos" sa pamamagitan ni Jesus. Kaya, kahit nakikita natin na ang tao ay namamatay at walang kapangyarihang mamuno, nakikita naman natin sa kabilang banda sa pamamagitan ng pananampalataya, na si Jesus ay nagbigay ng kanyang buhay upang ang buhay ng tao at ang kanyang makalupang kaluwalhatian ay ibabalik sa darating na isang libong taon ng misianikong kaharian. — Hebreo 2:6-9

7. Hindi banal na layunin na itataas ang mga tao sa lupa tungo sa mas mataas na puwesto at uri ng buhay ngunit, sila ay ibabalik sa lupa sa pamamagitan ng pagkabuhay-muli. Ito ay inilarawan ni Apostol Pedro ng salitang "pagsasauli," na ang kahulugan ay, pagpapanumbalik sa dating puwesto, hindi pagtataas. — Gawa 3:21

8. Ito ay napakagandang kaloob para sa isinumpa-sa-kasalanan at lahing unti-unting namamatay. Ang mundo sa ngayon ay punong-puno ng hirap at pagkabalisa, pagka-pahamak at kalungkutan; ngunit ang lahat nang ito ay lilipas sa darating na isang libong paghahari ni Kristo. Sa katapus-tapusan, walang ni isa mang mantsa ng kasalanan ang pipinsala sa kapayapaan at pagkakasundo-sundo ng tao. Mawawala na roon ang hapdi at kirot at ano pa mang tanda ng nakalipas na paghahari ng kasalanan at kamatayan. Hindi na kailangan ang mga doktor at mga nars. Mawawalan na ng mga pasyente ang hospital. Sa halip na mamamatay at mapupunta sa libingan, ang mga tao

ay babalik mula sa kamatayan, ginamit ang kapangyarihan ng Dios para ibalik sila sa buhay. Ito ang maibiging kaloob ng Dios sa tao. Ito ang patutunguhan ng tao at ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pagtubos ni Jesus. Ito ang kaluwalhatian ng mga tagalupa pagkatapos na ito ay ibalik muli.

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

**Mga Tanong**

1. Ipaliwanag ang kaibahan ng paniniwala ng mga ebolusyonista at ng katotohanan na ipinakita ng Biblia.
2. Ano ang pinakamataas na uri ng mga nilalang sa lupa, at ano ang isa sa mga pananalita ng Biblia tungkol dito?
3. Ang tao ba ay pinaghalong makalupa at espirituwal?
4. Ano ang isang katangian ng kaluwalhatian ang ipinagkaloob kay Adan ng kanyang Manlilikha?
5. Nakakaiwas ba ang tao sa resulta ng kasalanan?
6. Ipaliwanag ang inilaang kaloob ng Dios sa pagpapanumbalik sa tao tungo sa buhay at sa nawala niyang pamamahala sa lupa.
7. Ano ang ginamit ni Apostol Pedro na salita upang ilarawan ang pagpapanumbalik?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Divine Plan of the Ages," pahina 173-177

## Sumaryo Ng Mahahalagang Punto

Ang tao ay nilikha bilang makalupang nilalang at hindi siya pinaghalong materyal at espirituwal. Sa pamamagitan ng pantubos at pagkabuhay-muli, siya ay ibabalik sa buhay dito sa lupa bilang tao.

**Aralin 7**

# Ang Makalangit Na Kaluwalhatian

1. Ang salitang "celestial," o "Makalangit" ay makikita lamang dalawang beses sa Biblia. (1 Cor. 15:40) Ito ay salin ng salitang Griego na EPOURANIOS. Ang orihinal o literal na kahulugan ng salitang ito ay "Ibabaw ng alapaap." (Tingnan ang Strong's Exhaustive Concordance)
2. Ang salitang ito ay siya ring sinalin ni Apostol Pablo na "langit" sa kanyang pahayag nang ipaghambing niya ang mga bagay sa langit sa mga bagay sa lupa. (Fil. 2:10) Ipinakita nito na mayroong mga intelehenteng nilikha ng Dios sa ibang mga bahagi ng Oniberso, o sa ibabaw ng mga alapaap, o kung gamitin natin ang termino ng siyensiya, lampas pa sa atmospero ng mundo.
3. Ang salitang EPOURANIOS ay isinalin ding "makalangit" sa ibang pagkagamit. Ang salitang ito ang ginagamit na kaakibat ng salitang Ama sa pangalang "Makalangit na Ama." — Mateo 18:35
4. Nasisiguro ni Apostol Pablo na ililigtas siya ng Dios mula sa masama nang sa gayon makikibahagi siya sa paghahari kasama ni Jesus sa "makalangit" na kaharian. (2 Tim. 4:18) Dito ginamit rin ang salitang EPOURANIOS.
5. Ito rin ang salitang ginamit ni Apostol Pablo nang kanyang ipinakita ang pag-asa na inihanda para sa mga nag-aalay na mga tagasunod ni Kristo. Ginamit niga ang pananalitang "makalangit na pagtawag." —Heb. 3:1
6. Ginamit ni Apostol Pablo ang salitang ito sa ibang teksto na kung saan binigyan niya ng diin na ang "celestial" o pagka-makalangit na nilalang ay hiwalay at naiiba kaysa "terrestrial" o pagka-makalupa, (1 Cor. 15:48) Pero pinaliliwanag din ni Pablo, sa kabilang banda, na ang iilan sa mga tao ay itataas tungo sa "makalangit," o "celestial" na kalagayan. — 1 Cor. 15:49
7. Nang ang isa sa mga namumuno ng Israel na si Nicodemus ay nabigla sa sinabi ni Jesus tungkol sa pagka- "ipanganganak-muli," si Jesus ay tumutukoy nito bilang isa sa mga "makalangit na bagay" na hindi mauunawaan ng isip ng tao. (Juan 3:12) Muling ginamit dito ang Griegong salitang EPOURANIOS.
8. Importanteng laging tandaan ang kahalagahan ng mga tekstong ito ng kasulatan dahil binibigay din nito na mayroong

malaking kaibahan ang makalangit na uri at makalupang uri na mga nilalang, na ang dalawang ito ay hindi pinaghalu-halo sa isa gaya ng maling pagkaunawa ng iba. Ang tao ay walang halong pagiging makalangit sa ano mang paraan nang siya ay lalangin, ni magbabago man ang kanyang uri.

9. Ang kasulatan ay nagtuturo na yaong nagsakripisyo ng kanilang makalupang buhay at sumunod sa mga yapak ni Jesus ay itataas tungo sa pagka-makalangit na uri sa araw ng pagkabuhay-muli. Sa katunayan, sa susunod na aralin ay makikita natin na mayroong ibat-ibang antas o uri ng buhay sa ibabaw ng mga alapaap at na ang mga tagasunod ni Jesus ay itataas sa pinakamataas ng mga ito, tungo sa pagiging uring-Dios. — 2 Pedro 1:4

10. Ito nga ang maluwalhating pag-asa na ipinakita ng mga pangako ng Biblia sa mga tapat na tagasunod ng Guro. Ito ang mas mahalagang bagay na ipapalit sa atin sa ating pagtalikod sa mga bagay-bagay na pag-aari natin upang magkamit niyaong gantimpala, na migiging "uring-Dios."

11. Ang makalangit na kaluwalhatian ay talaga namang kahangahanga. Ito ay inilalarawan ni Apostol Pablo bilang "ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Dios tungo sa langit kay Kristo Jesus." (NIV tagalog) Ipinaliwanag ni Jesus na ang kayamanan sa langit ay makamtan lamang kapag tinalikuran ang lahat ng mga kayamanan sa lupa at sumunod sa kanya tungo sa pagtitiis ng kamatayan, na kanyang inilalarawan sa pagpasan ng ating Krus bilang mga desipulo niya. (Mateo 16:24) Naway ang lahat ng mga naglagak ng kanilang puso sa mga bagay sa itaas ay magpakasipag habang sila ay lumalakad paabante sa makipot na daan na umaakay patungo sa kaluwalhatian, karangalan at imortalidad.

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

### Mga Tanong

1. Ilang beses lumabas sa Biblia ang salitang "celestial" at ano ang salitang Griego nito at ang kahulugan nito?
2. Anong iba pang mga salita ang ginamit sa Bagong Tipan bilang salin ng salitang "EPOURANIOS"?
3. Ano ang nais ipaliwanag ng pagkompara ni Pablo sa mga bagay sa langit at mga bagay sa lupa?

4. Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa “makalangit” na kaharian at “makalangit” na pagtawag?
5. Ano ang sinabi ni Jesus kay Nicodemus hinggil sa “mga bagay na makalangit?”
6. Ang makalangit at makalupang mga uri ba ay magkahalo sa iisang uri gaya ng “hybrid?” Kung hindi, bakit umaasa ang mga tagasunod ni Jesus na maging makalangit na uri sa araw ng pagkabuhay-muli?
7. Mayroon bang ibat-ibang antas na uri sa ibabaw ng alapaap?

*Pinagkukunang Materyal*

“The Divine Plan of the Ages,” pahina 181-184

**Sumaryo Ng Mahahalagang Punto**

Tinuturo ng Biblia na ang Dios ay lumikha ng mga nilalang sa mas mataas na mga luklukan o antas maliban sa tao at itinuro din nito na ang mga tapat na tagasunod ni Jesus ay pinangakuan na itataas sa pinakamataas ng mga ito, ang antas ng pagiging uring-Dios.

**Aralin 8**

# Ang Pag-asa Sa Imortalidad

1. Yaong mga imortal ay nabubuhay nang walang hanggan, ngunit hindi lahat na nabubuhay ng walang hanggan ay imortal. Kung nananatili lamang sanang masunurin sa ating manlalalang ang ating unang mga magulang at hinayaang makakain ng nagbibigay-buhay na mga kahoy sa Eden, sila sana ay mabubuhay na walang hanggan, ngunit hindi rin sila magiging imortal.
2. Ang ibig sabihin ng imortalidad ay, hindi kayang puksain nino man. Ito ay katangian ng mga “uring-Dios” (Divine Nature), at Dios lamang ang nagtataglay ng katangiang ito sa simula. Ngunit binahagi rin niya ito kay Jesus nang siya ay binuhay-muli. — Juan 5:26; Heb. 1:3; Mat. 28:18
3. Pinaalam sa atin ni Apostol Pablo na si Jesus ay nagdala ng buhay at imortalidad para magliwanag sa pamamagitan ng ebanghelio. (2 Tim. 1:10) Ang ebanghelio ay ang mabuting balita ng kaligtasan mula sa kamatayan sa pamamagitan ng

nagtutubos-na-dugo ni Jesus. Sa darating na panahon ng milenyo ang buhay na walang hanggan ay iaalok sa buong mundo ng mga tao bilang katuparan ng mga pangako ng Dios ng pagbibigay biyaya sa lahat ng angkan sa lupa ngunit yaong tumatanggap ngayon kay Kristo, sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanilang buhay sa Panginoon, ay pinangakuan ng imortalidad. — Roma 2:7

4. Nangangahulugan ito na ang mga tapat na tagasunod ni Jesus ay itataas at magiging ka-uri na niya sa araw ng pagkabuhay-muli. (1 Juan 3:1-3) Ang pagiging ka-uri ng binuhay na muling si Jesus ay nangangahulugan na magiging kabahagi sa antas na uring-Dios (Divine Nature). — 2 Ped. 1:4

5. Upang makamit ang mataas na kalagayan at puwestong ito, kinakailangan natin na maging mapagpakumbaba at matapat ipinakikita natin na tayo ay handang magsakripisyo ng ating buhay mismo sa paglilingkod sa Panginoon. At ang pagka-matapat ay dapat mananatili hanggan sa kamatayan. — Apocalipsis 2:10

6. Ang tao ay nilikha na "mortal." Nangangahulughan ito na puwede siyang mamatay, ngunit hindi naman kailangang mamatay talaga. Ang ibig sabihin, ang mortal na tao ay puwedeng mamatay at puwede rin namang mabuhay na walang hanggan. Namamamatay lamang ang tao dahil sa kasalanan. (Gen. 2:17; Roma 5:12) Ang mga tagasunod ni Jesus bilang miyembro ng lahi ng tao ay likas na mga mortal. Sa pamamagitan ng pananampalataya, ang sumpang kamatayan ay inalis sa kanila, at inialay nila ang kanilang "pinawalang-salang mga sarili" sa pagsasakripisyo. — Roma 5:18; 8:1

7. Ginagamit ni Apostol Pablo ang magkasalungat na mga salitang "puwedeng mabulok" at "di-puwedeng-mabulok" upang ilarawan ang katangian ng pagiging-mortal at imortal, at ibinalita niya sa atin na sa araw ng pagkabuhay-muli ang mga Kristiano na sa ngayon ay mga mortal pa o "puwedeng mabulok" ay magbibihis ng pagka-di mabubulok. Para bigyang diin ito, inuulit ni Pablo ang puntong ito, ginamit ang salitang "mortal" at "imortal." — 1 Cor. 15:53, 54

8. Ang pinapakay ni Pablo ay ang panahon kung kailan lalamunin ng pagtatagumpay ang kamatayan. Isa ito sa mga pangako ng Dios sa matandang tipan na kumakapit sa Panahon ng Milenyo, kung kailan ang buong sangkatauhan ay ibabalik sa sakdal na

buhay sa lupa. (1 Cor. 15:54, 55; Isa. 25:7, 8) Ngunit ang mga pagpapalang ito ng makalupang walang hanggang buhay ay hindi dadaloy sa sangkatauhan hanggat ang mga tagasunod ni Jesus sa kasalukuyang panahon ay hindi pa maitataas tungo sa pagiging imortal. Ang mga ito sa panahong iyon ay maninirahan at maghahari na kasama si Jesus upang puksain ang dakilang kaaway na kamatayan. — 1 Cor. 15:25, 26; Apoc. 20:6

## Tulong Para sa Mga Estudyante

### Mga Tanong

Ang aralin na ito ay gumagamit ng lahat ng mga bersikulo sa Biblia na ginamit ang mga salitang "mortal" at "imortal." Masasagot niyo ba ang mga tanong na ito may kinalaman sa pagiging imortal?

1. Ipaliwanag ang kaibahan ng pagiging imortal at ng buhay na walang hanggan.
2. Ano ang isa sa mga katangian ng pagiging imortal, at sino ang unang nagma-may-ari nito?
3. Ipaliwanag ang paraan ng pagdala ni Jesus ng buhay at imortalidad upang magliwanag sa pamamagitan ng ebanghelio.
4. Kailan maitataas ang mga tagasunod ni Jesus tungo sa pagiging "uring-Dios" (Divine Nature)?
5. Paano maging karapat-dapat ang isang tao na tumanggap ng imortalidad?
6. Ang mga tagasunod ba ni Jesus ay mamamatay na gaya lamang ng isinumpang sangkatauhan? Ipaliwanag
7. Paano ipinaliliwanag ni Apostol Pablo ang pagtataas sa mga Kristiyano tungo sa pagiging imortal, at kailan ito magaganap?
8.Kailan lalamunin ng pagtatagumpay ang kamatayan?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Divine Plan of the Ages," pahina 207, parapo 1 at pahina 208

## Sumaryo Ng Mahahalagang Punto

Ang tao ay hindi nilikha na imortal, ngunit ang pagiging imortal ay ipinangako sa mga tagasunod ni Jesus at igagawad sa kanila sa araw ng pagkabuhay muli.

Aralin 9

# Ang Ipinangakong Pagbabalik-muli Ni Kristo

1. Ang mga desipulo ni Jesus ay buong nananalig na ang kanilang Guro ay siyang pinangakong Mesias at na siya ay dumating bilang katuparan ng mga Pangako ng Matandang Tipan may kinalaman sa pagbabangon ng isang makapangyarihang pamahalaan na magpapalaganap ng kanyang imluwensiya sa buong mundo. (Isa 9:6, 7; Awit 72:8; Juan 1:41, 42) Dahil dito sila ay masyadong nadismaya nang si Jesus ay hulihin at malupit na pinatay. Hindi nila naintindihan noon na binigay ni Jesus ang kanyang katawan para sa buhay ng sangkatauhan. — Juan 6:51

2. Nung bandang huli na lamang nalaman ng mga Apostoles at iba pang mga desipulo ng sinaunang Iglesia sa pamamagitan ng maliwanag na patnubay ng Espiritus Santo, na ang kanilang pag-asa na nakasentro kay Jesus, ay magaganap lamang kapag babalik na si Jesus sa lupa, sa sinasabing, ikalawang pagparito. Ngunit, kahit sa panahong bago pa siya mamatay sinabi ni Jesus sa kanyang mga desipulo na siya ay aalis, na siya ay babalik muli, at na sila ay makakasama niyang muli. — Juan 14:3; Mateo 16:27

3. Pagkatapos ng kanyang pagkabuhay-muli, nang siya ay nagpakita sa kanyang mga desipulo sa huling pagkakataon bago bumalik sa langit, masyado silang nag-alala sa kanilang pag-asa sa kaharian. Ngunit binigyan sila ni Jesus ng atas na maging mga saksi niya; at nang siya'y umalis, may dalawang anghel na nagpakita at nangako sa kanila na si Jesus ay babalik muli. — Gawa 1:6-11

4. Sa isang talumpati na pinahayag ni Pedro pagkatapos lamang ng Pentecostes, binanggit niya ang pagbabalik-muli ni Kristo at ito ay sa panahon ng "pagsasauli ng lahat ng mga bagay." — Gawa 3:20, 21

5. Ang pag-asa sa pagbabalik-muli ni Kristo upang itayo ang kanyang kaharian at gagantimpalahan ang kanyang mga tagasunod ay tunay na tunay para sa mga miyemro ng sinaunang Iglesia. Pinagmumulan ito ng kaginhawaan at espirituwal na kalakasan para sa kanila habang sila ay nangangaral tungkol kay Jesus sa sumasalungat na mundo. — Titu 2:13; 1 Tes. 4:16-18

6. Hindi naintindihan ng mga kapatiran ng Sinaunang Iglesia na ang pagbabalik-muli ni Kristo ay sa darating pang maraming siglo. Ang karaniwang haka-haka o inaasahan noon ay malapit na malapit na ang kanyang pagbabalik-muli. Marami sa mga pangako ang nagbibigay sa kanila ng ideang ito, dahil hindi nila isinaalang-alang na ang mga pangako ay nakabase ayon sa banal na panuntunan ng panahon. —Awit 90:4; 2 Pedro 3:8, 10; Apoc. 3:11; 22:20

7. Ang mga kapatirang ito ay napasok sa alanganin at mahirap na kalagayan sa pagtatangkilik sa gawain at turo ng Mesias na pinatay ng kanyang mga kaaway. Naintindihan nila kung bakit siya namatay, ngunit hindi ito naintindihan ng mga di-mananhampalataya. Totoo, ipinangangaral ng mga desipulo na si Jesus ay nabuhay muli mula sa mga patay; ngunit kailangan din nilang ipaliwanag na bumalik na siya sa langit, at ito ay hindi kapanipaniwala sa mga hindi mananampalataya.

8. Mahirap makasumpong ng mga tatanggap ng mensaheng gaya nito, at ang pananampalataya ng sinaunang mga kapatid ay matinding sinubukan. Kaya, para sa kanila, ang pagbabalik-muli ng Panginoon ay siyang sentro ng lahat nilang pag-asa, at inaasam nila ang panahon na siya ay lilitaw. — 1 Pedro 1:7, 8

## Tulong Sa Mga Estudyante

### Mga Tanong

1. Bakit ang kamatayan ni Jesus ay naging malaking pagsubok sa pananampalataya ng kanyang mga desipulo?
2. Paano at kailan nalaman ng mga Apostoles at iba pang mga desipulo ng Sinaunang Iglesia na ang pagtatayo ng kanyang kaharian ay sa panahon pa ng kanyang ikalawang pagparito?
3. Ano ang ipinangako ng dalawang anghel sa mga desipulo pagkaraan ng pag-akyat ni Jesus sa langit? Banggitin ang pangako.
4. Sa anong malaking gawain iniuugnay ni Apostol Pedro ang ika-lawang pagparito ni Jesus?
5. Banggitin at sipiin ang mga teksto ng kasulatan upang maipakita ang kahalagahan ng pananaw ng Sinaunang Iglesia sa pagbabalik muli ng ating Panginoon?
6. Naintindihan ba ng mga kapatiran nang nagsimula pa lamang ang panahon ng ebanghelio na ang pagbabalik-muli ni Kristo ay napakatagal pa sa hinaharap?

7. Ipaliwanag ang napakahirap na situwasyon kung saan ang mga kapatiran ng Sinaunang Iglesia ay nagkaroon ng matinding pagsubok sa pananampalataya, at iugnay ito sa pag-asa ng pagdating ng Panginoon.

*Pinagkukunang Materyal*

"The Divine Plan of the Ages," mga pahina 93, 94

**Sumaryo Ng Mahahalagang Punto**

Ang isang mahalagang layunin ng unang pagparito ni Jesus ay ang mamatay bilang manunubos, upang bilhin ang mundo mula sa kamatayan. Darating siya sa ikalawang pagkakataon bilang tagapagpalaya, at ibabalik ang sangkatauhan sa buhay.

**Aralin 10**

# Ang Paraan Ng Pagbabalik Ng Ating Panginoon

1. Kapag isaalang-alang ang pagbabalik ni Kristo sa lupa sa kanyang ika-lawang pagparito, kailangang tandaan na hindi na siya tao, na inalay na niya ang kanyang pagkatao para maglaan ng katubusan day Adan at sa kanyang mga lahi mula sa kamatayan. (Heb. 2:9; 2 Cor. 5:16) Binanggit ng Biblia ang mga karanasan ni Jesus "sa kaarawan ng kanyang laman" kumbaga, nakalipas na. (Heb. 5:7) Sinabi rin sa atin ng Biblia na si Jesus ay pinatay na laman ngunit sa pagkabuhay-muli, siya ay binuhay sa Espiritu, o bilang espiritung persona, ang eksaktong larawan ng kanyang makalangit na Ama. —Heb. 1:3; 2 Cor. 3:17; I Pedro 3:18

2. Pagkatapos mailuklok sa pagiging uring-Dios nang siya'y buhaying muli mula sa mga patay, si Jesus ay hindi na makikita ng mga mata ng makalupang mga tao, kagaya rin mismo ng ating Manlilikha. (I Tim. 1:17; 6:15, 16) Para patunayan sa kanyang mga desipulo na siya'y nabuhay muli mula samga patay, siya'y makahimalang nagpakita sa kanila na may katawang laman sa ibat-ibang pagkakataon—isang beses bilang hardenero, isang beses bilang estranghero, at iba pa. Ngunit ang pagpapakita niyang ito ay binanggit sa Biblia bilang mga "tanda" at "pagpapatunay." (Juan 20:30; Gawa 1:3) Alam ng mga apostoles na upang makita si Jesus sa "kanyang kalagayan ngayon" na

isa ng uring-Dios, kailangan muna na sila ay magiging gaya rin niya, at ito ang kanilang pag-asa. —1 Juan 3:1-3

3. Tinuruan ni Jesus ang kaniyang mga alagad na ang mga tao sa buong mundo ay hindi na makakakita sa kanya pagkatapos ng kanyang kamatayan at pagkabuhay-muli. (Juan 14:19) Pinaliwanag ni Jesus na makikita siya ng kanyang mga alagad dahil sila ay magiging gaya niya sa araw ng pagkabuhay-muli. Dahil hindi na makikita ng mga mata ng makalupang tao ang nabubuhay-na-muling si Jesus, siya'y nakakabalik nang lihim, habang ang buong mundo ay patuloy sa kanilang ordinaryong mga gawain sa buhay. —Apoc. 16:15; I Tes. 5:2, 2 Pedro 3:10

4. Pinaliwanag ni Jesus na ang kanyang mga tagasunod ay kailangang magbantay ng mga palatandaan na magpapatunay ng kanyang ika-lawang presensiya sa lupa. Hindi kaagad-agad malalaman ng mga hindi nagbantay ang kanyang ika-lawang presensiya. Ihinalintulad ito ni Jesus sa mga panahon ni Noe bago ang delubio, nang ang mundo ay patuloy sa kanilang araw-araw na gawain at hindi naunawaan ang tunay na kahulugan ng kasalukuyang panahon noon. —Mateo 24:38, 39; Lucas 21:36; 17:26, 27

5. Para maging "mapagbantay," gaya ng pagkagamit ng Biblia ng salitang ito, ay hindi nangangahulugan ng pagtitig sa himpapawid para makita si Jesus habang siya ay bumabalik. Sa halip, ang ibig sabihin ay kailangang mapagbantay sa mga kaganapan sa mundo para sa katuparan ng mga hula may kinalaman sa pagbabalik ng Paanginoon. Sinasabi ni Pedro ang tungkol sa "tiyak na salita ng hula." —2 Pedro 1:19

6. Darating din ang panahon na "makikita," o "mauunawaan" ng mga tao sa mundo, ang pagiging tunay ng ika-lawang presensiya ng Panginoon. Sinasabi ng Biblia: 'Makikita nila siya sa alapaap', na ang ibig sabihin, sa masalimoot at mahirap na mga karanasan bilang dahilan sa pagbagsak ng mga pamunuan sa lupa at ng pagtatayo ng kaharian ni Kristo. Ang mga tao sa mundo ay hinding-hindi na makakakita kay Jesus nang literal. —Apoc. 1:7; 2 Tes. 1:7-10

7. Ang mga tao sa mundo ay makakakita kay Jesus sa pamamagitan ng "pang-unawa," kagayang-kagaya ng paraan ng pagkakakita ni Job sa Dios. Matapos masubukan ang kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng mga karamdaman na

pinahintulutan ng Dios na dumating sa kanya, sinabi ni Job sa panalangin: "Narinig ko kayo sa pandinig ng tainga, ngunit ngayon nakikita kita ng aking mga mata." (Job 42:5) Hindi nakita ni Job nang literal ang Dios ngunit nagkaroon siya ng mas mabuting pagkaunawa sa kanya.

### Tulong Para Sa Mga Estudyante

**Mga Tanong**

1. Bakit natin nalalaman na hinding-hindi na si Jesus babalik sa mundo bilang tao? Ipakita ang mga katunayan mula sa kasulatan.
2. Paano nakita si Jesus ng kanyang mga desipulo matapos na mabuhay siyang muli mula sa mga patay? Makikita pa ba siya ng kanyang mga tagasunod?
3. Paano natin nalalaman na ang mga tao sa mundo ay hindi na muling makakakita kay Jesus?
4. Paano at sa anong paraan na ang mga tunay na tagasunod ni Jesus sa panahon ng katapusan ngayon ay makakaunawa ng katotohanan ng kanyang pagbabalik at ika-lawang presensiya?
5. Ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin ni Jesus ng kanyang payo na "magbantay?"
6. Kailan at sa anong paraan na si Jesus ay unti-unting makikita ng buong mundo?

*Materyal Na Pinagkukunan*

"The Time is At Hand," mga pahina 106-108

### Sumaryo Ng Mahahalagang Punto

Sa pag-aaral ng mga hula may kinalaman sa pagbabalik at ika-lawang presensiya ni Jesus sa lupa, mahalagang tandaan na siya ngayon ay isa nang uring-Dios, ang "eksaktong-larawan" ng kanyang makalangit na Ama.

**Aralin 11**

# Tatlong Mundo

1. May mga mahahalagang yugto ng panahon sa plano ng Dios na tinutukoy ng Biblia bilang mga mundo at mga panahon. Ang sinasabi ng Biblia tungkol sa isang panahon ng mga panahon na nabanggit ay hindi pare-pareho; kaya, mahalaga sa ating

pag-aaral ng Biblia na ikapit natin ang ibat-ibang pangako at hula nito sa akmang yugto ng panahon sa banal na plano; dahil kung hindi, lalabas na may salungatan sa Biblia. Ang tamang paraang ito ng pag-aaral ng Biblia ay tinutukoy ni Apostol Pablo bilang "tamang paghahati-hati ng salita ng katotohanan." —2 Tim. 2:15

2. Ang buong yugto ng panahon mula kay Adan hanggang sa baha ay tinutukoy sa Biblia bilang isang "mundo" —ang "mundo" noon. (2 Pedro 3:6) Ang mga tapat na alagad ng Dios gaya nina Abel, Enoch, at Noe ay nabubuhay sa mundong yaon. Inutusan ng Dios si Noe na gumawa ng arka nang malapit ng magwakas ang mundong yaon. —Geneses 6:14

3. Ang yugto ng panahon mula sa baha hanggang sa pagtatayo ng kaharian ni Kristo ay siyang tinutukoy ng Biblia na ang "kasalukuyang balakyot Na mundo." (Gal. 1:4) Tinatawag ito na balakyot na mundo, hindi dahil sa walang mabuti rito, kundi dahil sa ang kasamaan ay siyang naghahari. Si Satanas na Diyablo, ay siyang Prinsipe, o pinuno nitong "kasalukuyang balakyot na mundo." —Mal. 3:15; Juan 14:30; 2 Cor. 4:4

4. Magsisimula ang pangatlong mundo kapag gagapusin na ng Panginoon si Satanas at magsisimula na siyang maghari sa loob ng isang libong taon. Ito ang tinutukoy ng Bibliya bilang "ang mundong darating." (Heb. 2:5) Sa unang isang libong taon ng "mundong ito," si Jesus ang siyang magiging pinakamataas na pinuno; at ang layunin ng kanyang paghahari ay ang pagtatatag ng kalooban ng Dios sa buong mundo at ang pagpuksa ng lahat ng mga kaaway ng Dios at ng katuwiran. —1 Cor. 15:25-28

5. Dahil ang kasamaan ang siyang nangingibabaw sa nauunang dalawang mundo, maliwanag na ang lahat na pagtutukoy ng Biblia sa pangkalahatang kalagayan sa panahon ng dalawang yugto na ito ay siyang iniuulat. Sa ilang mahahalagang pagkakataon lamang, at dahil sa tiyak na layunin, na ang Dios ay nakikialam sa mga gawain ng tao sa dalawang mundong ito upang sugpuin ang mga malig gawain. Sa mas maraming pagkakataon, ang kasamaan ay wari bagang siyang nananagana. —Job 21:7-15

6. Sa kasalukuyang panahon, lumalabas na ang masasamang gawain ay halos hindi na napipigilan. Magiging iba naman sa "mundong darating," dahil sa panahong yaon si Satanas ay gagapusin, at ang kaharian ni Kristo ang siyang magpupuno. —Apoc. 20:1-4

7. Sa "kasalukuyang balakyot na mundo," ang matutuwid na mga alagad ng Dios ay laging inuusig. (2 Tim. 3:12) Ang paguusig ay tinutukoy sa Matandang Tipan bilang ang "pagsaway" ng mga tao ng Dios, at tayo ay pinangakuan na ang pagsaway na ito ay aalisin ng mga kagawaran ng kaharian ni Kristo. (Isa. 25:8) Sa araw na yaon ang mga matutuwid ay lalago at kahit na ang mga dakilang balakyot gaya ng sakit at kamatayan ay aalisin. Ganito ang sinusulat ni Apostol Juan may kinalaman sa ikatlong mundo sa plano ng Dios: "Papahirin ng Dios ang bawat luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan, hindi na magkakaroon ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man: Ang mga bagay nang una ay naparam na." —Awit 72:7; Oseas 13:14; I Corinto 15:55; Apoc. 21:4-5

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

**Mga Tanong**

Marahil ay nadinig ninyo na sinasabi na ang Biblia ay may pagsasalungatan; ngunit hindi ito totoo, gaya ng makikita ninyo kung alam ninyo ang mga sagot sa mga tanong sa ito.

1. Ipaliwanag ang ibig sabihin ni Pablo sa "tamang paghahatihati ng Salita Ng Dios."
2. Paano inilalarawan ng Biblia ang mundo bago dumating ang baha?
3. Ano ang pangalan na ipinangalan o itinawag ng Biblia sa yugto ng panahon mula noong pagkatapos ng Baha, na paminsanminsan ay tinutukoy rin nating "Ang mundo sa ngayon?"
4. Paano inilalarawan ng Dios ang "Mundong Darating," at kailan ito magsisimula?
5. May panahon ba na nakikialam ang Dios sa kasamaan ng "kasalukuyang balakyot na Mundo?" Ano ang isa sa mga dahilan na magpapabago sa kalagayan ng "Mundong Darating?"
6. Ang mga matutuwid na alagad ng Dios ay lagi na lamang bang uusigin?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Divine Plan of the Ages," mga pahina 65-70

**Sumaryo Ng Mahahalagang Punto**

Upang maunawaan ang mga turo ng Biblia, mahalagang malaman ang ibat-ibang pagkakahati ng panahon sa plano ng Dios at ikapit ang mga pangako at hula ng Biblia sa akmang yugto ng panahon.

**Aralin 12**


# Apat na Yugto

1. Sa nakaraan nating pag-aaral, natutunan natin na may tatlong mahahabang paghahati ng panahon sa plano ng Dios. Ang nauna rito ay ang mundo bago dumating ang baha; Ang pangalawa, ang panahon na nagsimula sa baha, o pagkatapos ng baha at magwawakas sa pagkakatayo ng Kaharian ni Kristo; ang pangatlo ay ang mundo na magsisimula sa pag gapos kay Satanas at pagtatayo ng Kaharian ni Kristo patuloy hanggang sa walang hanggang hinaharap.

2. Ang pangalawa sa mga malalaking pagkahati ng yugto ng panahon, na inilarawan ni Apostol Pablo bilang "Ang Kasalukuyang Balakyot Na Mundo" (2 Cor. 4:4; Gal. 1:4) ay nahahati sa tatlong panahon. Ang nauna sa mga panahong ito ay nagsimula nang matuyo ang tubig sa baha at nagpatuloy hanggang sa pagkamatay ni Jacob na apo ni Abraham. Sa panahong ito tinutupad ng Dios ang kanyang plano sa pamamagitan ng mga Patriarka gaya nina Noe, Abraham, Isaac at Jacob. Gumawa siya ng pangako kay Abraham, na inulit naman niya kay Isaac at minana naman ni Jacob bilang lehitimong anak. —Gen. 12:3; 22:16-18; 26:3-5; 27:28, 29; 28:10-14

3. Nang mamatay si Jacob, ang Dios ay nagsimulang makipag-ugnayan sa kanyang labin-dalawang anak bilang isang pamilya o bansa. Ang pagbabagong ito ay ipinahiwatig sa pangyayari na kahit si Isaac ay makapagbibigay ng kanyang pagpapala bilang ama sa isa lamang sa kanyang mga anak, si Jacob naman ay pinagpala ang kanyang labin-dalawang mga anak, kahit na si Juda lamang ang nakatanggap ng pangako. (Gen. 49:8-10) Nang maglaon, matapos na sila ay mapalaya sa Egipto, ang Dios ay nagbigay ng Kanyang Batas sa bayang ito, at sinugo niya sa kanila ang Kanyang mga propeta. (Roma 3:1, 2) Ang

## Ang "Tatlong Mundo"



tawag natin sa yugtong ito sa plano ng Dios ay "Panahon Ng Judio," dahil ang Dios ay nakitungo lamang sa bansang Judio (o Israel) sa panahong yaon. —Amos 3:2

4. Ang "Panahon Ng Judio" ay inilarawan nang ganun dahil sa pangyayari sa panahong yaon na ang Dios ay nagbigay ng Kanyang Batas sa mga Israelita at nagsugo ng Kanyang mga propeta sa kanila. Ang kaayusang ito ay natapos sa unang pagparito ni Kristo, bilang si Juan Bautista ang kahuli-hulihang propeta. (Lucas 16:16) Ang isa sa mga mahahalagang layunin ng "Panahon ng Judio" ay ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga Irsaelita bilang mga tao na matanggap bilang mga kasama ng Mesias sa hinaharap na gagawing pagpapala ng mundo, ngunit sila ay nasawi. —Exodo 19:5, 6

5. Ang kahuli-hulihang pagsubok sa bansang yaon ay ang pagdating ng Mesias, at sila ay bumagsak nang Siya ay kanilang itinakwil. Sa panahong yaon ay nagsimula ang "Panahon Ng Ebanghelio," ito ang panahon kung kailan ang Dios ay nakikipag-ugnayan sa mga indibiduwal na tumugon sa Ebanghelio at nag-alay sa kanilang sarili at panahon sa Kanyang gawain. May kokonting bilang ng mga Israelita ang unang tumanggap sa pagkakataon na ito. (Juan 1:11, 12) Ngunit ang bilang na iyon ay hindi sapat para makompleto ang tinakdang bilang ng Dios ng mga kasamang eredero ni Jesus, kaya ang Ebanghelio ay pinasimulang ipangaral din sa mga Hentil at ang pangangaral ng Ebangheliong ito ay nagpapatuloy hanggang ngayon. —Gawa 1:8

6. Ang susunod sa "Panahon Ng Ebanghelio" ay ang "Panahon Ng Milenyo." Ito ang unang panahon sa ikatlong Mundo. Ito ang panahon ng pamamahala ni Kristo sa ibabaw ng mundo. Sa panahong ito ay pupuksain ang lahat ng kasamaan, kasama na ang sakit at kamatayan. (1 Cor. 15:25, 26) Ito ang dakilang panahon ng kawakasan sa plano ng Dios kung kailan ang Kanyang dakilang disenyo ay mabubuo. —Efeso 1:10

7. Sa pamamagitan ng Cristo, ang ulo at katawan —ang Binhi ni Abraham—ang kaalaman ng Panginoon ay lalaganap sa mundo gaya ng tubig na tumatakip sa dagat. Sa matuwid na kahariang yaon walang papayagang manakit o manira. —Isa. 11:9

### Tulong Para Sa Mga Estudyante

**Mga Tanong**

Ang pagkaalam sa mga gawa ng Dios sa ibat-ibang panahon ng Kanyang plano at kung ano ang mangyayari sa hinaharap ay mahalaga upang mapahalagahan na ang Biblia ay walang salungatan. Masasagot mo ba ang mga tanong na ito?

1. Ilan ang malalaking hati ng Yugto ng panahon sa plano ng Dios? Sabihin ang mga ito.
2. Sa ika-lawang mundo, ano ang tawag sa unang panahon, at ano ang katangian sa panahong ito?
3. Kailan nagsimula ang ika-lawang panahon sa kasalukuyang mundo? Kailan ito nagwakas?
4. Anu-ano ang mga bagay na nagawa ng Dios sa Panahong Hudyo?
5. Ano ang kahuli-hulihang pagsubok sa pagkamatapat ng bansang Hudyo? Ano ang mga pagpapalang dumating sa mga tumanggap kay Jesus?
6. Ano ang tawag sa unang panahon sa "Mundong Darating," at ano ang mga maisasakatuparan ng Dios sa panahong yaon?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Divine Plan of the Ages," mga pahina 70-75

### Sumaryo Ng Mahahalagang Punto

Ang pagkakapit ng ibat-ibang teksto ng Kasulatan sa bawat akmang panahon ay napakahalaga sa pag-aaral ng Bibliya.

**Aralin 13**

## Ang Araw ng Panginoon

1. Ang Bibliya ay gumagamit ng pananalitang "Araw ng Panginoon" (O Araw ni Jehova) upang tukuyin ang panahon sa mga huling araw nitong "Panahon Ng Ebenghelio" kung kailan ang kamay ng Panginoon ay nahahayag sa mga gawain ng tao. Akma itong ikinapit sa panahong yaon ng ikalawang presensiya ni Kristo habang ang mundo ni Satanas, o sistema ng lipunan, ay pinupuksa bilang paghahanda sa pagtatayo ng kaharian ni Kristo na tatagal sa loob ng isang libong taon. —I Tes. 5:23; 2 Pedro 3:10

2. Ang gawain ni Kristo bilang siyang bisig ni Jehova sa pag-

alis ng sistemang panlipunan ni Satanas ay inilarawan bilang nagaganap sa mga "araw ng anak ng tao." (Lucas 17:26, 27) Yaon ang panahon kung kailan, si Jesus "na anak ng tao" ay presente. Isa sa mga palatandaan nito ay ang pagguho ng mga organisasyon o institusyon sa lupa.

3. Ang araw na ito ng Panginoon (O, Araw Ni Jehova), ay hinulaan rin ng matandang tipan, kung saan ito ay matalinghagang inilarawan bilang panahon ng mga ulap at kadiliman, na nagpapahiwatig ng kaguluhan. (Joel 2:1, 2) Inilarawan ni Daniel ang araw na ito bilang "Ang Panahon ng Kawakasan," kung saan may darating na "Malaking panahon ng kaguluhan." —Daniel 12:1, 4

4. Ang araw ring ito ng kaguluhan sa bansa at mga bansa na tumutukoy sa pagkapuksa ng mundo ni Satanas ay inilarawan din ng Bibliya bilang ang "Araw Ng Paghihiganti Ng Diyos." (Isa. 34:1-8; Jer. 25:32, 37) Sa panahong ito ang makasalanan at makasariling institusyon ng mga tao, na pinamumunuan ni Satanas, ay pupuksain, samantalang hanggang sa ngayon ito ay hinahayaang umunlad.

5. Su huling yugto ng "araw" na ito ang makasariling pamamahala ng tao sa buong mundo ay papalitan ng makalangit na pamahalaan, sa mga kamay ni Kristo. (Apoc. 11:15, 17, 18) Isiniwalat ng Bibliya na sa pagpupuksa ng masasamang institusyon ng tao ay magagalit ang mga bansa, at ito ay hahantong tungo sa malaking kapaighatian na ihinula ni Jesus. —Mat. 24:21, 22

6. Ginamit rin ng Bibliya ang mga katagang "huling mga araw" may kinalaman sa mga huling araw ng kasalukuyang Panahon Ng Ebanghelio, bago pa man itatayo ang matuwid na kaharian ni Kristo sa lupa. Ang kahariang ito ay ihinalintulad sa isang mataas na bundok na naghahari o nangingibabaw sa lahat ng "iba pang bundok" at "burol," isang matalinghagang salita para sa mga "kaharian ng mundo." Ipinakita ng Bibliya na kilalanin ng mga tao ang otoridad ng kaharian ni Kristo at sila ay makasusumpong ng katiwasayan at kasiguruhan. —Miquias 4:1-4

7. Ang kasamaan ay hindi pa ganap na mapupuksa hanggang sa huling mga taon ng kaharian ni Kristo. Kahit na ang pagpupuksa ng mga makasariling institusyon ay magaganap sa araw ng Panginoon sa panahon ng kaguluhan ng bansa at ibat-ibang

mga bansa, ang gawain ng pag-aalis ng lahat ng masasama ay magpapatuloy hanggang sa susunod pang mga taon ng isanglibong-taong kaharian. Sa wakas ang lahat ng kaaway ay mapupuksa. —I Cor. 15:25, 26

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

### Mga tanong

Sa pag-aaral ng hula, mahalaga na maintindihan na ang "isang araw" ay malimit nangangahulugan ng mahabang yugto ng panahon. Ito ay mahahayag sa akmang mga sagot sa susunod na mga tanong.

1. Ano ang "Araw Ng Panginoon" na tinutukoy ng mga hula ng Bibliya, at gaano ito kahaba?
2. Ano ang ibig sabihin ng Bibliya ng "Ang mga araw ng Anak ng tao?"
3. Paano inilarawan ni propetang Joel at Daniel ang "Araw ng Panginoon?"
4. Ano ang araw ng "Paghihiganti ng Diyos?" Ipaliwanag kung ano ang magaganap sa makahulang "araw" na ito?
5. Ano ang mga "huling araw" na binanggit sa mga hula, at ano ang magaganap sa mga "araw" na ito?
6. Gaano katagal ang gawain ng pagpupuksa ng kasamaan?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Battle of Armageddon," mga pahina 11-20

## Sumaryo Ng Mahahalagang Punto

"Ang araw ng Panginoon," o araw ni Jehova, ay ang yugto ng panahon ng huling mga araw ng Panahon ng Ebangelio bago itatayo ang kaharian ni Kirsto nang isang libong taon kung kailan ang mga makasarili at balakyot na institusyon ng tao ay mapupuksa sa dakilang panahon ng kaguluhan. Inilarwan din ito ng Bibliya bilang araw ng galit at poot ng Diyos at ang araw ng paghihiganti ng Diyos.

**Aralin 14**

# Ang Layunin Ng Pagbabalik Ng Panginoon

1. Sa nakaraang pag-aaral natutunan natin na si Jesus ay isinilang sa mundo bilang tao upang kanyang ihandog ang kanyang buhay bilang tao para sa mga kasalanan ng mga tao at nang sa gayon tubusin sila mula sa kamatayan. Ito ang layunin ng pagbigay ng kanyang buhay, ng kanyang pagkatao, para sa buhay ng mga tao sa mundo. —Juan 6:51

2. Ang gawain ng Panginoon sa lupa mula ng kamatayan at pagkabuhay-muli ni Jesus ay hindi ang pagbabalik ng kalusugan at buhay ng tao (kahit na ang kamatayan at pagkabuhay-muli Niya ay naglalaan nito) ngunit ang pagpipili mula sa sanlibutan ng mga taong handang magdusa at mamatay na kasama Niya, nang sa gayon sila ay mananahan at maghaharing kasama Niya. Ang grupong ito ng mga tao ay inilarawan ng Bibliya bilang "isang bayan para sa Kanyang pangalan." —Gawa 15:14

3. Gayunpaman, sinisiguro sa atin ng Kasulatan na, bilang resulta ng pagtubos ni Kristo, ang sangkatauhan ay ibabalik sa buhay sa mundo. Si Jesus ay bumabalik sa lupa upang gampanan ang dakilang gawaing ito sa panahong inilarawan ng Bibliya bilang "mga panahon ng pagsasauli ng lahat ng mga bagay." Ang Bibliya ay nagsasabi sa atin na ang "panahon ng pagsasauli" ay hinulaan ng lahat ng mga banal na propeta ng Diyos. —Gawa 3:19-20

4. Si Isaias ay isa sa mga banal na propeta ng Diyos, at siya ay humula ng isang araw na ang mga tao ay hindi na magsasabing sila ay may sakit. (Isa. 33:24) Hinulaan ni Isaias na ang mga mata ng mga bulag ay mabubuksan, at ang mga binging tainga ay di na masasarhan at ang mga tinubos ni Jesus — "ang mga binili ng Panginoon" — ay babalik mula sa kamatayan. (Isa. 35:5, 10) Sa iba pang hula ng mga "panahon ng pagsasauli" si Isaias ay sumulat na papahirin ng Diyos ang mga luha ng mga tao at ang kamatayan ay pupuksain. —Isaias 25:8

5. Si Jeremias ay isa pa sa mga banal na propeta ng Diyos, at humula siya na ang mga sanggol na namatay ay isasauli sa buhay, dadalhin pabalik, na ang ibig sabihin, "mula sa lupain ng kaaway." —Jeremias 31:15-17

6. Ang gawain ng pagsasauli ng sangkatauhan sa kalusugan at buhay sa lupa ay magagawa sa pamamagitan ng kagawaran ng kaharian ni Kristo. Ang kahariang ito ay inilarawan ng Bibliya bilang isang bundok, "ang bundok ng Panginoon," at humula si propetang Miquias na sa "bundok" na ito, o kaharian ng Panginoon, ang tao ay hindi na matututo ng digmaan at wala ng mananakot sa kanila. —Miq. 4:1-4

7. Sa Lumang Tipan yaong mga namatay ay ihinalintulad sa mga bilanggo na nabihag. Ang kanilang paggising mula sa kamatayan ay inilarawan bilang kalayaan mula sa kanilang pagkabihag. Si Esekiel, isa pa sa mga banal na propeta ng Diyos, ay gumagamit sa pananalitang ito, at humula sa pagsasauli ng mga taga Sodoma, taga Samaria at mga Israelita. (Ezek. 16:53) Gumagamit din ng gayong pananalita, si propetang Jeremias ay humula na ibabalik ang iba pang masasamang tao ng nakaraan. —Jer. 48:47; 49:39

8. Si propetang Habacuc ay humula na, susunod sa pagbabalik ng Panginoon, ang mundo ay mapupuno ng kaalaman ng kaluwalhatian ng Panginoon. (Hab. 2:14) Ang lahat ng pagpapalang ito ay darating sa lahat ng tao sa mundo bilang resulta ng pagbabalik ng Panginoon.

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

**Mga tanong**

1. Ano ang isa sa mga mahahalagang layunin ng unang pagparito ni Jesus?
2. Ano ang naging gawain ng Panginoon sa lupa mula ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus?
3. Ano ang isa sa mga mahalagang layunin ng pagbabalik ni Jesus sa lupa sa Kanyang ikalawang presensiya? Paano inilarawan ni Pedro ang kaganapang ito sa hinaharap?
4. Magbigay ng ilan sa mga hula ni Isaias tungkol sa "pagsasauli ng lahat ng mga bagay."
5. Paano natin nalalaman na ang mga sanggol ay mabubuhay muli mula sa mga patay sa "panahon ng pagsasauli?"
6. Ano ang isa sa mga simbolo o paglalarawan na ginamit para sa kaharian ni Kristo? Ano ang katiyakan na binigay sa atin ng isa sa mga hula ni Miquias ginamit ang paglalarawang ito?
7. Paano inilalarawan ng Matandang Tipan paminsan-minsan ang

kamatayan? At paano pinangako ang pagkabuhay-muli sa kanila?
8. Kailan lalaganap sa mundo ang kaalaman ng Panginoon?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Divine Plan of the Ages, " mga pahina 93-95

**Sumaryo Ng Mahahalagang Punto**

Si Kristo ay hindi bumalik upang wasakin ang mundo kundi upang isasauli ang sangkatauhan sa kalusugan at buhay.

**Aralin 15**

## Ang Kaharian Ni Kristo

1. Ang kaharian ni Kristo ay isang napakatanyag na usapin sa Biblia. May mga pagkakataon na tinutokoy ito bilang Ang Kaharian ng Dios, na angkop naman, dahil ang Dios ay naglalaan ng Kanyang anak para magtayo ng kaharian sa lupa. Minsan, tinutukoy din ito bilang Ang Kaharian ng Langit, na nagbibigay diin na ang ipangakong kahariang ito ng buong mundo ay hindi plano ng tao kundi ito ay itinayo at binigyan ng kapangyarihan ng Dios sa langit. —Dan. 2:44
2. Ang ilan sa mga pangako at hula ng Biblia may kinalaman sa kaharian ay tumutukoy sa mga tagapamahala nito, samantalang ang iba ay tumutokoy sa mga sakop, yaong may mga pagkakataong pagpapalain sa pamamagitan ng administrasyon ng matutuwid na mga batas nito. Si Jesu-Kristo ang siyang magiging dakilang hari, o Tagapamahala, sa kahariang yaon. —Zac. 9:9, 10; Apoc. 19:16; Juan 18:37
3. Ang magiging mga kasama ni Jesus bilang mga tagapamahala sa Kanyang kaharian ay yaong mga nagtakwil sa kanilang sarili at tapat na nagpasan ng kanilang krus sa pagsunod sa kanya, kusang loob na umiinom sa kanyang saro ng pagdurusa sa Panahon ng Ebanghelio. Sila yaong tinutukoy ng kasulatan bilang nagtiis at namatay na kasama si Jesus at bilang nabuhay-muli mula sa mga patay upang manirahan at maghari na kasama Niya. —Apoc. 20:4
4. Si Jesus at ang kanyang mga tagasunod ay hindi mamahala bilang mga tao kundi bilang mga mala-Dios o kauri ng Dios, at sila ay hindi makikita ng mga mata ng tao. (Col. 1:13-15) Ang katiyakan ay ibinigay sa mga taga-sunod ni Jesus na sila ay magiging mga kauri niya. —I Juan 3:1-3; 2 Ped. 1:4

5. Ang isa sa mga paglalarawan na binigay ng Biblia tungkol sa pag-iibang anyo mula sa pagiging makalupang tao tungo sa pagiging uring Dios o kauri ng Dios ay ang pagiging "ipinanganak na muli." Ipinaliwanag ni Jesus kay Nicodemus na yaong mga ipinanganak na muli ay hindi makikita at makapangyarihan gaya ng hangin. (Juan 3:6-8) Ang pagsilang mula sa pagiging tao tungo sa pagiging espiritung anyo ay mangyayari sa araw ng pagkabuhay-muli; at nang si Jesus ay ibinangon mula sa mga patay, nagawa Niyang pumaroo't parito nang hindi nakikita, nagpapakita lamang sa Kanyang mga desipulo kapag ginusto niya.

6. Sa kaharian ni Kristo itong di-nakikitang mga makapangyarihang hari, o Tagapamahala ay pangangatawanan sa lupa ng mga tao na tapat na alagad ng Dios, na nangagtiis at nangamatay alang-alang sa katuwiran bago ang unang pagparito ni Jesus. Ang mga ito ay tinutukoy sa Biblia bilang ang "Mga Ama", at ang pangako ay gagawin silang mga "prinsipe sa buong lupa." —Awit 45:16

7. Pinaliliwanag ni Apostol Pablo na ang mga tapat na alagad ng Dios na ito noong unang panahon ay ibabalik mula sa kamatayan bilang mga sakdal gaya ng kanyang inilarawan ng kanyang sabihin na may mas "mabuting pagkabuhay muli." (Heb. 11:35, 39, 40) Bumanggit si Pablo ng ilang konting pangalan nitong mga "sinaunang karapat-dapat" (ancient worthies), ngunit ipinakikita ng kasulatan na may marami pang iba na nabubuhay noong nagdaang mga panahon na nagpakita ng kanilang katapatan sa Dios at sila ay gagamitin sa kaharian. Si Jesus din ay tumutukoy sa mga "sinaunang karapat-dapat" at ng kanilang puwesto sa kaharian. —Mateo 8:11; Luk. 13:28, 29

8. "Sa pamamagitan nitong dalawang panig ng kaharian, ang pangako kay Abraham ay mapapatunayan — 'Sa iyo at sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng angkan sa lupa.' 'Ang iyong binhi ay magiging gaya ng buhangin sa dagat, at mga bituin sa langit' — isang makalupa at makalangit na binhi, parehong kasangkapan ng Dios sa pagpapala sa lupa....Ang ugat-na-tipan na ito (Roma 11:17) ay nagtataglay nitong magkakaibang sanga, ang bawat sanga sa panahon ng pagkabuhay muli ay mamumunga ng kanya-kanyang magkakaibang uri na sakdal na bunga—ang makalupa at espirituwal na uri sa kaharian." (A)

### Tulong Para Sa Mga Estudyante

**Mga Tanong**

1. Banggitin ang ibat-ibang paraan ng paglalarawan ng Biblia sa Kaharian ng Mesiyas, at ipaliwanag.
2. Sinu-sino ang magiging mga sakop ng kaharian, at sino ang magiging dakilang Hari?
3. Sinu-sino ang mga makakasama ni Jesus bilang mga hari sa kanyang kaharian?
4. Si Jesus at ang kanyang mga kasamang mga tagapagmana ay maghahari ba sa lupa bilang mga tao? Ipaliwanag.
5. Ano ang isa sa mga paglalarawan na binigay ng Biblia tungkol sa pagbabago mula sa pagiging tao tungo sa pagiging uring espiritu?
6. Sinu-sino ang gaganap bilang mga makalupa at nikikitang kinatawan ng mga espiritung hari sa kaharian ni Kristo?
7. Ang mga "sinaunang karapat-dapat" ba ay hindi sakdal kapag sila'y binuhay na mula sa mga patay?

*Pinagkunang Materyal*

(A) "The Divine Plan of the Ages," mga pahina 288-292
"The Battle of Armageddon," mga pahina 625, par. 1, 2

### Sumaryo Ng Mahahalagang Punto

Magkakaroon ng mga Hari at sakop sa kaharian ni Kristo. Ang pangunahing mga Tagapamahala ay ang mga espirituwal at hindi makikita ng mga tao, ngunit magkakaroon sila ng mga kinatawan na mga tao.

**Aralin 16**

## Ang Mga Sakop Ng Kaharian Ay Pinagpala

1. Ang magiging mga sakop ng kaharian ni Kristo ay ang mga tao sa buong mundo, kasama na yaong mga namatay na, maliban sa mga taong pinatunayan ang kanilang sarili bilang mga karapatdapat na mapabilang maging sa mga ewpirituwal o mga makalupang tagapamahala sa kaharian. Ang mga pagpapala ng mga sakop ay ang mga maiinam na bagay na angkop namang para talaga sa mga tao na naghahangad na magiging kaayon sa mga matuwid na batas ng Maylikha. (Awit 145:16) Ang mga pagpapalang ito ay angkop na tinutukoy sa isa sa mga pangako ng Biblia bilang "piging." —Isa 26:6

2. May maraming mga pagpapala na hinahangad at pinagsisikapan ng tao na hindi pa nakakamtan hanggang ngayon. Ang isa sa mga ito ay ang kapayapaan. Ang mga tao sa lahat ng bansa ay nangarap ng isang panahon kung kailan mawawala na ang digmaan, at ipinangako ng Dios na sa pamamagitan ng kaharian ni Kristo ang kapayapaan ay maitatag — kapayapaan na di na matataops, sa buong oniberso, —Awit 46:9, 10; Isa. 2:3, 4; 9:7

3. Sa lahat ng nagdaang panahon hanggan ngayon, lagi na lamang na ang marami ay walang katiyakan may kinalaman sa kanilang pangkabuhayang pangangailangan. Habang ang Social Security sa America ay nagpagaan kahit paano sa mga kabalisahang ito, ang problema ay malayong malutas kapag ang pagbabasihan natin ay ang kabuuan ng mundo. Ang tanging kaharian lamang ni Kristo ang magdadala ng tunay na lunas. Ilalim sa mga batas ng Kahariang yaon, ang pantay-pantay at maligayang kalagayan ay iiral para sa lahat. —Miq. 4:4; Awit 72:11-13; Isa. 65:21, 22

4. Ang isa pang dagdag na sanhi ng kalungkutan ng tao ay ang matagal nang salungatan ng opinyon may kinalaman sa Dios at relihiyon. Sa bawat yugto ng panahon ito ay umakay tungo sa mapait na samaan ng loob at pag-uusig. Sa maraming mga bansa sa ngayon, ang mga pagsisikap ay ginagawa para lutasin ang suliraning ito, ngunit pinalilitaw lamang nito ang pagkakasundo para sa pagkakaisa. Ngunit, sa pamamagitan ng administrasyon ni Kristo ang suliraning ito ay lubusang malulutas sa habang panahon.

5. Sinisiguro sa atin ng mga pangako ng Dios na isusulat niya ang Kanyang mga batas sa mga puso ng mga tao at na ang lahat ay tunay na makakikilala sa Kanya. —Jer. 31:31-34

6. Sinisiguro rin sa atin na ang Dios ay magbibigay ng dalisay na mensahe ng katotohanan sa mga tao, at sa pamamagitan nito ang lahat ay maglilingkod sa Dios nang sama-sama. (Sofonias 3:9) Sinabi sa atin na sa panahong yaon ang kaalaman ng Dios ay lalaganap sa lupa gaya ng tubig na tumatakip sa dagat. —Isa. 11:9

7. Ang lahat na mga pagpapalang ito kahit gaano man kaganda ay mawawalan din ng permanenteng halaga kung ang mga tao ay patuloy na magkakasakit at mamamatay; kaya, sinisiguro sa

atin ng Kasulatan na ang problema sa sakit at kamatayan ay lulutasin din. Ang salot na ito sa lahi ng tao ay pupuksain. —Isa 33:24; 25:8; I Cor. 15:25, 26

8. Ang mga pagpapala ng kaharian ni Kristo ay maglalakip niyaong mga patay na, sapagkat sila ay gigisingin mula sa pagkakatulog sa kamatayan. (Dan. 12:2; Juan 5:28, 29) Ang buong patay na mundo ng sangkatauhan ay tinubos na ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, at tayo ay pinangakuan na ang tinubos ng Panginoon ay babalik mula sa kamatayan. (Isa. 35:10) Kasali rito ang mga masasama, ganun din ang mga matutuwid. —Gawa 24:15

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

**Mga Tanong**

1. Sinu-sino ang magiging mga sakop ng kaharian ni Kristo, at ano ang matatanggap nilang mga pagpapala? Paano inilalarawan ng Biblia ang mga pagpapalang ito?
2. Sumipi ng mga kasulatan upang patunayan na ang kaharian ni Kristo ay magbibigay ng kapayapaan sa lahat ng tao.
3. Dapat pa bang matakot ang mga sakop ng kaharian ni Kristo may kinalaman sa pagkain, damit at bahay?
4. Magpapatuloy pa ba ang pagsasalungatan ng relihiyon sa panahon ng kaharian ni Kristo sa loob ng isang libong taon? Sumipi ng mga ilang talata sa Bibliya sa tanong na ito.
5. Ang kaharian ba ni Kirsto ay mag-aalis ng salot, sakit at kamatayan?
6. Ang mga patay ba ay magkakaroon pa ng pagkakataon na magtamasa ng mga pagpapala sa kaharian ni Kristo?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Divine Plan of the Ages, " mga pahina 111-114

## Sumaryo Ng Mahahalagang Punto

Ang mga pagpapala ng kaharian ni Kristo ay magiging napakakompleto at kasiya-siya kaya ito ay ihinalintulad ng Biblia sa "piging ng mga matatabang bagay," na gagawin ng Dios para sa lahat ng tao.

## Aralin 17
# Sinubukan Ng Dios Ang Kanyang Bayan

1. Kalooban ng Dios na ang lahat Niyang intelehenteng nilikha ay magtatamasa ng buhay na walang hanggan. Ang mga tao sa ngayon ay namamatay, hindi dahil sa nilikha sila upang mamatay kundi dahil sa kasalanan. Walang sinuman ang pagkakalooban ng buhay na walang hanggan hangga't hindi niya mapatunayan ang pagka masunurin sa banal na batas.

2. Nilagay sa harapan ng ating unang mga magulang ang pagsubok sa pagka masunurin. (Gen. 2:16, 17) Bumagsak sila sa pagsubok na iyon, kaya sila'y nahatulan ng kamatayan. (Gen. 3:17-19) Sa pamamagitan ng "batas ng pagmamana" ang hatol na kamatayan ay naipasa sa mga anak ni Adan, kaya ang buong sangkatauhan ay naging lahing namamatay. —Roma 5:17

3. Ngunit, sa pamamagitan ni Kristo, ang pag-ibig ng Dios ay gumawa ng paglalaan para alisin ang sangkatauhan sa hatol na kamatayan at upang ang bawat miyembro ng lahi ng tao ay isa-isang magkakaroon ng pagkakataong patunayan na sila ay karapat-dapat sa buhay na walang hanggan. (Juan 3:16) Hindi nagpunta si Jesus sa mundo para isumpa ang sangkatauhan, kundi upang ang lahat ay magkaroon ng pagkakataon na mabuhay. —Juan 3:17

4. Ang pagkakataong ito ay ipagkakaloob sa buong mundo sa darating na yugto ng panahong inilarawan ng Biblia bilang isang araw ng paghuhukom. (Gawa 17:31) Ang araw na ito, o panahon ng paghuhukom, o pagsusubok, ay magiging panahon ng kaliwanagan, at sa panahong iyon ang sangkatauhan ay matututo ng katuwiran. —Isa. 26:9; Awit 96:10-13

5. Sa pagdating at sa pag-umpisa ng dumarating na araw ng pagsusubok, ang iba sa sangkatauhan ay madadatnang buhay, ngunit kinakailangan ding ang iba pang mga tao, gaya ng mga namatay ay gigisingin mula sa pagkatulog sa kamatayan upang maliwanagan sa mga banal na layunin para sa kanila. Ang pagbibigay ng kaalamang ito sa sangkatauhan ay inilalarawan ng Biblia na magaganap sa "pagbubukas ng mga aklat," at yaong mga tutupad sa mga bagay na nakasulat sa mga aklat na ito ay sinasabi, na ang kanilang mga pangalan ay nakalista sa aklat ng buhay. —Apoc. 20:12

6. Si Kristo ang magiging dakilang hukom sa darating na araw ng paghuhukom ng mundo. Inilarawan siya ng Biblia bilang ang "Propetang yaon," o guru, at sinabi na yaong hindi susunod sa Propetang yaon ay pupuksain. (Gawa 3:23) Ang pagpupuksang ito ng mga taong sinasadya ang kanilang kasamaan ay inilarawan ng Biblia bilang ang "ika-lawang kamatayan," na matalinghahang inilalarawan bilang "datag-dagatang apoy." —Apoc. 20:14, 15

7. Si Jesus ay nangako ng pagkabuhay-muli ng mga patay kung saan binanggit niya ang mga matuwid — yaong "nakagawa ng mabuit" — lumalabas tungo sa buhay, at ang masasama — yaong "nakagawa ng kasamaan" — lumalabas tungo sa paghatol. (Juan 5:28 RSV) Ang isang grupo ng mga matuwid ay ang kabuuan ng mga tapat na lingkod ng Dios, mula kay Abel hanggang sa unang pagparito ni Jesus. Ang mga ito ay lalabas sa "mas mabuting pagkabuhay-muli." (Heb. 11:35) Ang mga tapat sa kasalukuyang yugto ng panahon ay lalabas din tungo sa buhay — sa imortal na buhay — sa "unang pagkabuhay-muli." —I Cor. 15:53; Roma 2:7, Apoc. 20:6

8. Ang mga "sinaunang karapat-dapat" (ancient worthies), na hindi makakasama sa darating na paghuhukom, ay magiging mga kinatawan ni Kristo sa gawaing paghuhukom ng mundo. (Awit 45:16; Mat. 8:11) Ang mga tapat na tagasunod ni Jesus sa kasalukuyang yugto ng panahon ay magsisilabas sa araw ng pagkabuhay-muli upang makakasama ni Jesus bilang mga kasamang-hukom sa sangkatauhan, at ang mga karapat-dapat na tinatawag na mga "sinaunang karapat-dapat" ay magiging mga kinatawan nila. —I Cor 6:2

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

### Mga Tanong

1. Ano ang kundisyon upang ang lahat ng mga intelehenteng mga nilikha ng Dios ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan? Paano ito ipinakikita sa buong mundo mula noong kaarawan ng Eden?
2. Ano ang nagawang paglalaan ng Dios para magbigay buhay sa mga isinumpa at namamatay na sangkatauhan?
3. Kailan ang buong mundo sa pangkalahatan mabibigyan ng pagkakataon na matuto at sumunod sa kalooban ng Dios?

4. Paano mabibigyan ng kaalaman ng katotohanan ang mga namatay na sa nakaraang mga panahon at yaong mga namatay sa ngayon at yaong mga mamamatay pa sa hinaharap?
5. Paano inilalarawan ng Aklat Ng Apokalipsis ang pagbibigay ng kaalaman sa sangkatauhan?
6. Sino ang magiging dakilang hukom ng mundo, at ano ang mangyayari sa mga hindi susunod sa kanya?
7. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa pagkabuhay-muli ng mga matuwid at di-matuwid?
8. Ano ang magiging bahagi ng mga tagasunod ni Jesus sa darating na gawaing paghuhukom? Sa panahong yaon, sino ang mga makalupang kinatawan ni Jesus at ng kanyang tunay na iglesia?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Divine Plan of the Ages," mga pahina 143-147

**Sumaryo Ng Mahahalagang Punto**

Walang makatatanggap ng buhay na walang hanggan hangga't hindi niya mapatutunayan na karapat-dapat siya nito. Ang iba ay nakapasa na sa pagsubok sa buhay na ito at ang iba na hindi pa ay susubukan sa hinaharap.

**Aralin 18**

## Ang Unang Pagkabuhay-Muli

1. Sinulat ni Apostol Pablo na, malibang may pagkabuhay-muli ng mga patay, kahit ang mga Kristiyano ay mapupuksa sa kamatayan. (I Cor. 15:16-18) Nangangahulugan ito na ang lahat ng pag-asa sa buhay sa likod ng libingan ay nagdedepende sa pagpapabalik ng mga patay sa buhay sa araw ng pagkabuhay-muli. Ngunit ang lahat ng patay ay hindi bubuhaying sabay-sabay, at hindi rin ibabalik ang lahat sa parehong baitang ng buhay. Sa pagkabuhay-muli ang ilan ay bibigyan ng katawang espirituwal at ang ilan ay katawang makalupa. —I Cor. 15:38, 40-42
2. Yaong makatatanggap ng katawang espiritu sa pagkabuhay-muli ay magmamana ng tahanan sa langit. (I Ped. 1:3-5) Ang mga ito ay yaong mga tagasunod sa mga yapak ni Jesus, na, dahil sa napalakas ng makalangit na mga pangako ng Biblia

ay naglagak ng kanilang mga hilig sa mga bagay sa itaas, at "tumakbo" para sa "gantimpala ng mataas na pagtawag ng Dios na nakay Kristo Jesus." —Col. 3:1-3; Fil. 3:10-14; Heb. 12:1

3. Ang mga tagasunod ni Jesus ay kasama niyang inilarawan ni Apostol Pablo bilang ang "mga unang bunga" ng pagkabuhay-muli. (I Cor 15:23) Alam natin na ang mga tapat na tagasunod ng Guro ay kasama sa "unang mga bungang uri" dahil ito ay pinatutunayan minsan nina Apostol Juan at apostol Santiago. —San. 1:18; Apoc. 14:4

4. Ang isa sa mga banal na layunin ng pag-angat sa kaitaasan ng mga tapat na tagasunod ng Guro tungo sa espirituwal na baitang ng buhay, ay ang paghahari nila na kasama si Jesus sa kanyang kaharian sa loob ng isang libong taon. Sa kaugnayang ito, sinasabing "sila ay dinala mula sa kamatayan tungo sa pagkabuhay-muli." —Apoc. 20:6

5. Ang "munting kawan" na makatatanggap nitong mataas na posisyon sa kaharian ay itataas tungo sa pinakamataas na baitang sa espirituwal na buhay na siyang tinutokoy ng Biblia bilang ang "dios na uri." (Luk. 12:32; 2 Ped. 1:4) Makatatanggap sila ng imortalidad. (Roma 2:7; I Cor. 15:54) Sa likas na kalagayan, ang tao ay hindi nagtataglay ng imortalidad; ngunit, gaya ng maliwanag na maliwanag na ipinakikita ng kasulatan, ito ay ipinagkaloob sa mga tapat na tagasunod ni Jesus bilang gantimpala sa oras na sila'y dadalhin sa "unang pagkabuhay-muli."

6. Ang pinakamataas na baitang ng pag-iral na ito ay tinutukoy ng Biblia bilang ang "putong" o korona ng buhay at ng katuwiran. (Apoc. 2:10; 2 Tim. 4:8) Ang daan na umaakay tungo sa mataas na posisyong kasama si Jesus ay daan ng pagsakripisyo at pagdurusa. Ito ay daan na hindi nakatutuwa para sa mga taga lupa, ngunit ang wakas ay maluwalhati para sa mga tapat — tapat hanggang kamatayan.

7. Ang biyaya at lakas ng Dios ay espesyal na pinagkaloob sa mga lumalakad sa makipot na daan ng pagpapakasakit. Tinitiyak sa atin ng Biblia na ang kapangyarihan na ipinagkaloob sa kanyang mga tapat na tagasunod ay siya ring kapangyarihang ginagmit sa pagkabuhay-muli kay Jesus. Totoo ito sa ating kasalukuyang panahon, sila ay nag-aalay ng kanilang buhay bilang pagsakripisyo; at magiging totoo rin ito, gaya ng nangyari

kay Jesus, na ang banal na kapangyarihan ay magbabangon sa kanila sa araw ng pagkabuhay-muli, at itataas sila sa lahat ng iba pang mga nilikha sa oniberso. —Efeso 1:16-23

8. Ang Plano Ng Dios sa tapat na tagasunod ng Guro ay tunay na kamangha-mangha at kagila-gilalas. Magpasalamat tayo sa Dios dahil ang ating maibiging makalangit na Ama ay tumawag sa atin tungo nitong "makalangit na pagtawag." Pagsikapan nating maging tapat sa sa bawat araw. —Heb. 3:1; Luk. 9:23

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

### Mga Tanong

Maaaring hindi mo mapagtanto na ang Biblia ay tumutukoy ng kakaibang pagkabuhay-muli ng tunay na mga tagasunod ni Jesus. Kung gayun, ang mga susunod na katanungan ay makapagpapa-interes sa inyo.

1. Bakit tuluyan ng maglalaho ang mga Kristiyano kung walang pagkabuhay-muli? Ang lahat bang mabubuhay-muli mula sa mga patay ay bibigyan ng magkakatulad na uri ng katawan?
2. Paano inilalarawan ng Biblia ang tirahan na mamanahin ng mga Kristiano?
3. Paano natin nalalaman na ang mga tagasunod ng Guro ay kasama sa "unang mga bunga" ng pagkabuhay-muli?
4. Ano ang isa sa mga layunin ng Dios ng pagtataas ng mga Kristiano tungo sa espirituwal na baitang ng buhay sa "unang pagkabuhay muli"?
5. Paano inilalarawan ng Biblia ang baitang ng buhay na doon ang mga Kristiano'y itataas? Bakit tinatawag itong "korona" ng buhay?
6. Paano tayo makatitiyak na kapag tayo ay magpakatapat, mararating natin ang mataas na baitang ng buhay na kasama si Jesus?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Atonement Between God and Man," mga pahina 394-396

## Sumaryo Ng Mahahalagang Punto

Ang makatatanggap lamang ng "kaluwalhatian, karangalan at imortalidad," ay yaon lamang mabubuhay muli sa "unang pagkabuhay-muli."

**Aralin 19**
# Ang Mas Mabuting Pagkabuhay-Muli

1. Ang kaharian ng Dios, o kaharian ni Kristo, gaya ng tinatalakay ng Biblia, ay binubuo ng mga tagapamahala at mga sakop. Sinisiwalat ng Biblia na ang pangunahing mga tagapamahala ng kaharian ay si Kristo Jesus at ang Kanyang iglesia, ang kanyang mga tapat na tagasunod. Sila yaong mapupunta sa baitang ng Dios-na-uri, na hindi makikita ng mga mata ng tao. Ngunit, ang mga espirituwal na tagapamahalang ito ay may mga kinatawan dito sa lupa, yaong mga sakdal na tao, na binangon mula sa mga patay sa inilarawan ng Biblia na isang "mas mabuting pagkabuhay-muli." —Heb. 11:35

2. Ang mga tatanggap ng biyaya ng "mas mabuting pagkabuhay-muli" ay ang tapat na mga lingkod ng Dios na pinatunayan ang kanilang kompleto at buong paglilingkod sa Dios at ng Kanyang mga prinsipyo ng katuwiran bago maganap ang unang pagparito ni Jesus. (Heb. kapitulo 11) Ang pinakauna sa kanila ay ang matuwid na si Abel, at ang pinakahuli ay maaaring si Juan Bautista, na sinabi ni Jesus na hindi makapupunta sa kaharian ng langit, na ang ibig sabihin ay ang espirituwal, o makalangit na bahagi o dako ng kaharian. —Mateo 11:11

3. Sinabi ni Jesus sa mga tao ng Israel ng kanyang kapanahunan na sila ay makakikita at uupong kasama ni Abrahan at ni Isaac at ni Jacob at ng lahat ng mga propeta. (Mat. 8:11; Luc. 13:28, 29) Nangangahulugan ito na ang mga tao sa panahon ni Jesus ay ibabangon mula sa mga patay at ang mga "sinaunang mga karapat-dapat" (Ancient Worthies), yaong magiging mga kinatawan sa lupa ng espirituwal na bahagi ng kaharian, ay ibabangon din mula sa mga patay, matapos mapatunayan ang pagiging karapat-dapat sa mataas na posisyon sa kaharian, sa pamamagitan ng kanilang katapatan sa Dios sa mahihirap na mga pagsubok kung saan sila ay nailagay.

4. Pinakikita ng Biblia na itong mga karapat-dapat noong unang panahon ay ibabangon tungo sa kasakdalan, ginawang sakdal, ngunit, ang "mas mabuting pagkabuhay na muli na ito" ng mga makalupang kinatawan ng kaharian ay hindi muna magaganap hangga't hindi pa makompleto ang espirituwal na uri at hangga't hindi pa sila mabubuhay-muli tungo sa "kaluwalhatian,

karangalan at imortalidad." Ang mga bagay na ito ay tinutukoy na "mas mabubuting bagay" na matatanggap ng mga tagasunod ng Guro. —Heb. 11:39, 40; Roma 2:7

5. Sa isa pang pangako ng "mas mabuting pagkabuhay-muli" ng mga taong maglilingkod bilang mga makalupang mga kinatawan ni Kristo sa buong 1,000 na taon ng kanyang pamamahala, pinaalam sa atin na sila'y magniningning "gaya ng mga bituin magpkailan kailanman." Iba naman ito sa mas maningning na pagsikat ng magiging espirituwal na tagapamahala sa kaharian, kung paano sila inilalarawan bilang gaya ng "liwanag ng kalangitan," o "gaya ng araw." —Dan. 12:3; Mat. 13:43

6. Ang parehong pagliliwanag nitong dalawang uri ay matalinghaga at lumalarawan sa katotohanang sa pamamagitan ng espirituwal at makalupang dako ng kaharian, ang kaalaman ng Panginoon ay lalaganap sa lupa gaya ng tubig na tumatakip sa dagat. —Isa. 11:9

7. Sa loob ng 40 taon ng paglilingkod ni Moeses bilang tagapagpalaya at tagapag-bigay batas, ang pakikipag-ugnayan ng mga tao sa kanya ay karaniwan ng sa pamamagitan ng mga "taga-payo." Sa bandang huli, sa panahon ng mga "hukom," pinamumunuan sila ng mga hukom na ibinangon ng Panginoon para sa kanila. Ang mga kalagayang ito ay ginamit ng Panginoon upang ipakita ang kanyang paggamit sa hinaharap ng mga karapat-dapat noong unang panahon, na ibabangon niya sa "Mas mabuting pagkabuhay-muli" upang magiging mga hukom at tagapayo. (Isa. 1:26) Tiyak na ang mga ito ay magiging napakabuting mga lingkod ng mga tao.

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

### Mga Tanong

Ang mga tapat na lingkod ng Dios ng nakalipas na mga panahon ay ibabalik sa buhay sa lupa at magiging mga makalupang tagapamahala ng bagong gobiyerno sa buong mundo ilalim ni Kristo. Ang mga kasagutan sa susunod na mga tanong ay magsisiwalat ng mga mahahalagang katotohanan ng mga banal na plano.

1. Sinu-sino ang magaging di-makikitang tagapamahala sa kaharian ng Dios?

2. Sinu-sino dito sa lupa ang magiging mga kinatawan sa

espirituwal na mga tagapamahala sa Kaharian Ni Kristo, at paano inilarawan ang kanilang pagkabuhay-muli?
3. Ano ang pinakikita ng salita ni Jesus sa pagsasabing ang "mga karapat-dapat noong unang panahon" ay makikita dito sa lupa sa kaharian?
4. Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa "mga karapat-dapat noong unang panahon" ng kanyang pahayag na sila ay gagawing "sakdal?"
5. Ano ang ibig sabihin ng pangako na ang "mga karapat-dapat noong unang panahon" ay magniningning kapag nabuhay nang muli mula sa mga patay?
6. Ano ang ibig sabihin ni Propetang Isaias sa pangakong ang mga hukom at tagapayo ay ibabangon sa kaharian?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Divine Plan of the Ages," mga pahina 288-292

**Sumaryo Ng Mahahalagang Punto**

Magkakaroon ng dalawang bahagi sa namamahalang panig ng Kaharian ni Kristo — ang espiritwal at ang makalupa. Ang mga makalupang tagapamahala ay ang "mga karapat-dapat noong unang panahon," at ang espirituwal na bahagi ay si Jesus at ang Kanyang mga tapat na tagasunod.

**Aralin 20**

# Ang Pangkalahatang Pagkabuhay-Muli (Unang bahagi)

1. Ang buong mundo ng sangkatauhan ay gigisingin mula sa pagkatulog sa kamatayan sa araw ng pangkalahatang pagkabuhay-muli, hindi kasali ang mga uring nagtagumpay na mauna nang bubuhaying-muli, yaong mga "nakagawa ng mabuti." (Juan 5:28, 29) Yaong bubuhaying muli mula sa kamatayan sa araw ng pangkalahatang pagkabuhay-muli ay inilarawan ni Pablo bilang mga "hindi mabuti." (Gawa 24:15) Ang mga ito ay "hindi mabuti," o "hindi ginawang mabuti" dahil sa kakulangan ng pagkaunawa o pagkakataon ay hindi lubusang binigay ang kanilang sarili sa paggawa ng kalooban ng Dios.
2. Ang pangkalahatang pagkabuhay-muli ng mga patay ay tinuturo ng Luma at Bagong Tipan, kahit na hindi mismo

makikita ang salitang "pagkabuhay-muli" sa Lumang Tipan. Ang isa sa mga salitang ginamit sa lumang tipan upang ilarawan ang pagkabuhay-muli ay "pagbabalik." Ginamit ni Moeses ang salitang ito sa panalangin upang ilarawan ang pag-asa ng pagkabuhay-muli. —Awit 90:3

3. Ang mga patay ay ibabalik sa buhay dahil sila ay natubos na, o "nabili na" ng dugo ni Jesus. Sinulat ni Propetang Isaias ang panahon na ang mga "binili ng Panginoon" ay "babalik." —Isaias 35:10

4. Ang salitang "pagbabalik" ay ginamit din ni Propetang Ezekiel upang ilarawan ang pag gising ng mga patay. Hinulaan ni Ezekiel na "babalik" ang mga patay na Israelita, ang mga Sodomita, at mga Samaritano, at tinitiyak sa atin na sila ay isosoli sa "dati nilang kalagayan" sa buhay. —Ezek. 16:55

5. Itinala ni Propetang Jeremias ang isang pangako ng Panginoon na sinisigurado sa mga ina na ang kanilang mga anak na namatay ay ibabalik sa buhay. (Jer. 31:15-17) Sa pangakong ito, ang mga buhay at patay ay isinalaysay sa mala-tulang paraan bilang naninirahan sa dalawang magkaibang bansa o lupain. Ang pag babalik tungo sa buhay ay inilarawan bilang pagtawid sa kabilang ibayong hangganan, mula sa lupain ng mga patay tungo sa lupain ng mga buhay. Ang pananalitang "babalik muli" ay ginamit upang tukuyin ang pagbabalik na ito tungo sa lupain ng mga buhay.

6. Sa lumang tipan ang pagbabalik ng mga patay ay ihinahalintulad din sa pag gising mula sa pag tulog. (Dan. 12:2) Sa pangakong ito ang mga patay ay sinabing natutulog sa alikabok ng lupa. Dinadala ang ating isip ng pananalitang ito pabalik sa mga nakatala sa Geneses tungkol sa pagsuway ng tao at pagkasumpa nito sa kamatayan, nang sabihin ng Dios kay Adan na siya ay babalik sa alikabok. (Geneses 3:19) Ang pangako na nagsasabing ang lahat ng natutulog sa alikabok sa lupa ay magising, ay nagpapakita na ang lahat na isinumpa sa kamatayan sa pamamagitan ni Adan ay ibabalik sa buhay sa pamamagitan ni Kristo. —I Corinto 15:21-23

7. Sa mahigit sa isang pagkakataon ay tinutukoy ni Jesus ang mga namatay bilang natutulog. Isang tagapamahala sa Israel ang nagsusumamo kay Jesus na ibalik ang kanyang patay na anak sa buhay. Nang dumating si Jesus sa tahanan, sinabi Niya

na ang batang babae ay hindi patay kundi natutulog lamang. (Mateo 9:24-26) Ibinalik ni Jesus ang patayng batang babae sa buhay, kaya, sa matalinghagang pananalita, ginising siya mula sa pagkatulog. Yaon ay isang paglalarawan ng pangkalahatang pagkabuhay-muli ng mga patay, sa panahong ang lahat na natutulog sa kamatayan ay gigisingin.

8. Tinutukoy din ni Jesus ang patayng si Lazaro bilang natutulog at sinabihan ang Kanyang mga alagad na gigisingin Niya ito mula sa pag tulog. (Juan 11:11-14) Pagbalik Niya sa Bitania, sa bahay ng mga kapatid ni Lazarong sina Marta at Maria, tinawag si Lazaro ni Jesus mula sa kamatayan. Sa ganitong paraan, pinakita ni Jesus ang isa pag paglalarawan ng pangkalahatang pagkabuhay-mili.

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

### Mga Tanong

Ang tanging pag-asa ng buhay sa likod ng libingan ay nakasalig sa mga pangako ng Dios na ibabalik ang mga patay sa buhay, ngunit napagtanto mo ba kung ilan ang mga pangako ng pagkabuhay-muli sa Biblia?

1. Sinu-sino ang ibabangon muli sa kamatayan sa pangkalahatang pagkabuhay-muli?
2. Ano ang isa sa mga salitang ginamit sa Lumang Tipan upang ilarawan ang pagkabuhay-muli ng mga patay? Alin-alin sa mga propeta ang gumagamit ng mga salitang ito?
3. Ipaliwanag ang paglalarawang ginamit ni Jeremias may kinalaman sa mga buhay at mga patay. Sa pangakong ito, paano inilalarawan ang pagkabuhay-muli?
4. Paano inilalarawan ng Panginoon kay Propetang Daniel ang pag gising ng mga patay, at ano ang kahulugan sa pagtulog sa alikabok sa lupa?
5. Sipiin at bigyang salaysay ang dalawang pangyayari kung saan tinutokoy ni Jesus ang mga patay bilang natutulog.

*Pinagkukunang Materyal*

"The New Creation," mga pahina 712-718

## Sumaryo Ng Mahahalagang Punto

Ang aral ng Biblia tungkol sa pagkabuhay-muli ng mga patay ay hindi lamang matatagpuan sa Bagong Tipan. Maliban pa sa salitang "pagkabuhay-muli," ang Biblia ay gumagamit din

ng marami pang ibang salita para ipaalam ang katotohanan o ideya na ang patay ay ibabalik sa buhay. Ang ipinangakong pagkabuhay-muli ng mga patay ay siyang tanging pag-asa ng buhay sa likod ng libingan.

**Aralin 21**

## Ang Pangkalahatang Pagkabuhay-Muli (Ikalawang Bahagi)

1. Tinutukoy ng Biblia yaong mga namatay bilang mga bilanggo ng kamatayan. (Job 3:17-22) Sa paglalarawan na ito ng kamatayan, ang pagkabuhay-muli ng mga patay ay tinutukoy bilang pagpapalaya ng mga bilanggo. (Isa. 49:9) Ang impiyerno ng Biblia ay ang kalagayan ng kamatayan, at ipinaalam sa atin ni Jesus na siya ang may hawak ng susi ng impiyerno at kamatayan. (Apoc. 1:18) At sinisiguro sa atin ng Biblia na ang mga pintuan ng impiyerno, ang dakilang bilangguan ng kamatayan, ay mabubuksan at ibibigay ng impiyerno ang kanyang mga patay. —Mateo 16:18; Apoc. 20:13

2. Sa pagpapanatili ng kaisipan na ang mga patay ay bilanggo ng kamatayan, tinutokoy ng Biblia ang kanilang pag gising mula sa kamatayan bilang "pagbabalik" mula sa kanilang "pagkabihag." Minsan ang mga pananalitang "dadalhing-muli," ay ginamit may kaugnayan nito. —Ezek. 16:53; Jer. 48:47; 49:6, 39

3. Ang pagkabuhay-muli ng mga patay ay mangyayari sa pamamagitan ni Kristo (I Cor. 15:21, 22) At sa pagpapanatili ng kaisipang ang mga bihag ay pinakawalan sa bilangguan, binanggit ni Pablo na nang mabuhay si Kristo, siya ay nangunguna at umaakay sa iba pang mga bihag. (Efeso 4:8, margin) Ang "pulutong ng mga bihag" ay gigisingin mula sa kamatayan bilang mga tao upang maninirahan sa lupa bilang mga tao.

4. Ang "munting kawan" nitong kasalukuyang Yugto ng Ebanghelio, na migiging bahagi ng "unang pagkabuhay-muli" upang "tatahan at maghaharing kasama ni Kristo," at ang mga "karapat-dapat noong unang panahon," na ibabalik sa buhay bilang mga sakdal na tao upang magiging mga makalupang tagapamahala sa kaharian ni Kristo, ay dapat nakalampas na ng pagsubok ng kanilang pagiging karapat-dapat sa buhay na

walang hanggan. Ito ang dahilan kung bakit pagkakalooban sila kaagad-agad ng sakdal na buhay sa espirituwal na antas man o sa makalupang antas.

5. Ngunit iba naman ang mararanasan ng mga mabubuhay sa pangkalahatang pagkabuhay-muli. Naniniwala tayo na ang mga ito ay gigisingin mula sa kamatayan nang halos ganun ding kalagayan nang sila ay mamatay. Hindi sila pagkakalooban ng sakdal na buhay agad-agad. Kailangan munang patunayan nila ang kanilang pagiging karapat-dapat na buhayin ng lubusan tungo sa buhay sa pamamagitan ng kanilang pagtanggap ng grasya ng Dios sa pamamagitan ni Jesus at ng kanilang pagsunod ng mga batas ng misianikong kaharian.

6. Ngunit ang lahat ng paglalaan ay gagawin para sa kanilang kaliwanagan at tulong. Hindi na hahayaang bubulagin ang kanilang mga isip at puso ng mga mapanlinlang na katusuhan ni Satanas. —Apoc. 20:1-3

7. Ang daan tungo sa kasakdalan ng katangian at buhay ay inilarawan ng Biblia bilang "malawak na lansangan" kung saan walang maaaring maligaw at doon ay aalisin ang lahat ng sagabal ng pag-unlad. (Isa. 35:8, 9) Ngunit, ipinakikita ng Biblia na kahit sa "araw na yaon ng katuwiran" mayroon pa ring iilan na magpapakita ng sinasadyang pagsuway sa mga batas ng kaharian; at ang mga ito, natural lamang, ay hindi uunlad tungo sa kasakdalan ng buhay ngunit, dahil magpapatuloy sa kanilang di-masupil na saloobin, sila ay sa katapus-tapusan mapupuksa, magdurusa ng hatol ng "ikalawang kamatayan." (Isa. 26:10); Apoc. 20:14, 15) Ang Apostol Pedro ay tumutukoy sa mga ito at nagsabi sa atin na sila ay pupuksain mula sa bayan. —Gawa 3:23

8. Kaya, sa wakas ng isanlibong paghahari ni Kristo, ang lahat ng mga patay ay gising na mula sa kamatayan, at yaong nagnanasang matuto at sumunod sa mga batas ng Dios ay naibalik na sa kasakdalan ng buhay bilang mga tao. Ang mga yaon ay magtatamasa ng buhay na walang hanggan sa pinasakdal na lupa, isang buong lupang paraiso.

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

### Mga Tanong

Nagkaroon ka na ba ng katiyakan na mayroong pagkabuhay-

Muli ng mga patay? Ang ganoong pag-asa ay magpapagaan ng mga pasanin sa kasalukuyang buhay.

1. Ipaliwanag kung paano ginamit ng Biblia ang salitang "bilanggo" may kinalaman sa mga namatay.
2. Paano natin nalalaman na ibibigay ng impiyerno ang kanyang mga patay?
3. Sa anong diwa aakayin ni Jesus ang "isang malaking pangkat ng mga bihag"?
4. Ipaliwanag ang kaibahan ng pagkabuhay-muli ng mga "karapat-dapat noong unang panahon" at ng "munting-kawan," at yaong nagsisilabas sa pangkalahatang pagkabuhay-muli.
5. Sa anong mga paraan na ang kalagayan ng mga gigisingin sa pangkalahatang pagkabuhay-muli ay magiging madali o kaaya-aya?
6. Ano ang "malawak na lansangan" na binanggit sa Isaias 35:8?
7. Ano ang magiging hantungan ng mga hindi magbabago sa "malawak na lansangan"?
8. Ilarawan ang magiging kalagayan ng lahi ng tao sa wakas ng milenyo.

*Pinagkukunang Materyal*

"The Atonement Between God and Man," pahina 378, mga parapo 1-3, at pahina 379, mga parapo 1, 2

**Sumaryo Ng Mahahalagang Punto**

Ang pag gising ng mga patay na masasama mula sa pag tulog sa kamatayan ay hindi magpapangyari na sila ay bibigyan agad-agad ng sakdal na buhay. Ang mga makatatanggap ng kasakdalan ng makalupang buhay ay yaong mga napatunayan ang kanilang sarili bilang karapat-dapat ng buhay.

## Aralin 22
# Ang Pagiging Kaisa Ng Dios Ay Naibalik Na

1. Ang tao ay nilikha sa larawan ng Dios, at nang hindi pa si Adan sumuway sa banal na utos siya ay ka-isa ng kanyang Manlilikha. Ang kalagayang ito ng kapayapaan sa gitna ng tao at Dios ay inilarawan ng Biblia bilang nasa kasunduang ugnayan sa kanya. Naiwala ni Adan ang kasunduang ugnayang ito sa

Manlilikha nang labagin niya ang isa sa mga banal na kahilingan kung saan ito binase. —Oseas 6:7, margin

2. Yaong nasa kasunduang ugnayan sa Panginoon ay Kanyang mga kaibigan, at sila ay nagtatamasa ng Kanyang pagsang-ayon. Nang nawala kay Adan ang pagsang-ayon ng Manlilikha nawala rin ang kanyang buhay, sapagkat walang patuloy na mabubuhay sa kalagayang hiwalay sa Dios. Ngunit hindi tinago ng Dios ang Kanyang mukha sa Kanyang mga makalupang nilikha nang walang hanggan, sapagkat inilaan ng Kanyang pag-ibig ang katubusan sa pamamagitan ni Kristo, at ito ay nagpapangyari na maibalik ang banal na pabor. —Juan 3:16

3. Ang pagkahiwalay natin sa Dios dahil sa kasalanan, at ang mga masamang resulta nito gaya ng sakit at kamatayan ay inilarawan ng Biblia bilang kadiliman. Ang buong yugto ng panahon ng paghahari ng kasalanan at kamatayan ay ihinalintulad sa "gabi." Dahil sa pag-ibig ng Dios na maglalaan ng Manunubos mula sa kasalanan at kamatayan, ang kalungkutang ito sa panahon ng gabi ay magwawakas sa umaga ng kaligayahan. —Awit 30:5

4. Ang Dios ay nagbigay ng pagkakataon sa bayan ng Israel upang makaahon ang kanilang sarili mula sa sumpang dulot ni Adan sa pamamagitan ng pagsunod ng Kanyang batas. Kung nasunod lamang sana nila nang husto at kompleto ang batas, nakamtan na sana nila ang pabor ng Dios at ang buhay, ngunit sila'y nabigo. —Lev. 18:5; Gal. 3:12; Roma 7:10

5. Ang kabiguan ng mga Israelita sa pagkamit ng buhay sa pamamagitan ng pagtupad ng batas ng Dios ay nagpapakita na kailangan ang isang Manunubos mula sa kasalanan at kamatayan, at ang Manunubos na ito ay si Jesus. (Roma 3:23-26) Kaya, sa pamamagitan ni Jesus, ang sangkatauhan ay pinagkasundo sa Dios, ibinalik sa pagiging kaisa Niya, at sa kalagayang makatatanggap at magtatamasa ng Kanyang pabor. —2 Cor. 5:19; Efeso 1:10

6. Ang iglesia, ang mga tagasunod ni Jesus ay, naipagkasundo na sa Dios sa Panahong ito ng Ebanghelio sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang dugo. Ang mga ito ay naging mga kasama Niya sa gawaing nagbabalik ng kasunduan. —2 Cor. 5:18

7. Nang mabigo ang Kautusang Tipan na magbigay ng buhay sanhi ng pagka-walang kakayahan ng tao na tumupad

ng lubusan ng mga kahilingan nito, nangako ang Dios na gumawa ng isang Bagong Tipan sa kanila, at ang tipang ito ay magpapatuloy upang sakupin nito ang buong sangkatauhan. (Jer. 31:31-34; I Tim. 2:3-6) Inihayag ng Kasulatan na si Jesus ang Siyang magiging Tagapamagitan ng Bagong Tipan at ang Kanyang iglesia, pagkatapos na maitaas sa kaluwalhatian na kasama Niya sa Unang Pagkabuhay-muli, ay magiging ka-isa Niya bilang mga "ministro" ng tipang yaon. —Heb. 12:24; 2 Cor. 3:6

8. Ang mundo ng sangkatauhan ay maipagkasundo sa Dios sa pamamagitan ng Bagong Tipan. Ang Bagong Tipan ay siyang gaganap ng banal na layunin dahil sa pamamagitan ng Tagapamagitan nito, ang batas ng Dios ay isusulat sa "kaloob-loobang bahagi" ng mga tao. (Jer 31:33) Nangangahulugan ito ng pagpapanumbalik sa orihinal na kasakdalan at larawan ng Dios kung saan si Adan ay nilikha.

9. Kapag ang Bagong Tipan ay lubusan nang maganap sa lahat ng tao, sa mga buhay at sa mga ginising mula sa kamatayan, ang kaalaman ng Panginoon ay pupuno sa lupa. (Isa. 11:9) Makakamtan na ang tumpak na kaalaman ng kalooban ng Dios. —Jer. 31:34

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

### Mga Tanong

Naiisip mo ba kung ano ang magiging kalagayan ng mundo kapag ang lahat ng tao nagmamahal at naglilingkod sa Manlilikha, ang tunay at Buhay Na Dios, at hindi na ginugulo ng sakit at kamatayan? Ang mga sagot sa tanong na ito ay maglalantad kung papaano at kailan magkatotoo ang mga kalagayang ito.

1. Paano natin nalalaman na si Adan ay nasa ilalim ng kaugnayan na may kasunduan sa Panginoon bago siya nagkasala?
2. Mabubuhay kaba nang walang hanggan kung walang pabor ng Dios?
3. Ano ang isa sa mga paghahalintulad ng Biblia ng kasalanan, sakit at kamatayan?
4. Paano binigyan ng Dios ang mga Israelita ng pagkakataon na makatakas sa kamatayan?
5. Ano ang ipinakikita ng pagkabigo ng Israel sa pagsunod ng batas?

6. Kailan gagawin ang bagong tipan at sino ang Tagapamagitan nito?
7. Sa katupus-tapusan, ano ang magiging kompletong resulta ng Bagong Tipan, at kailan ito matatamo nang lubusan?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Atonement Between God and Man," mga pahina 27-31

**Sumaryo Ng Mahahalagang Punto**

Ang tao ay nilikha sa wangis ng Dios at, habang masunurin sa Manlilikha, tinatamasa niya ang Kanyang pagsang-ayon at biyaya. Sa pamamagitan ng pagsuway naiwala niya ang pabor ng Dios at siya ay isinumpa sa kamatayan. Tinubos na siya, o binili na ni Kristo at ibabalik sa pabor ng Dios ilalim sa mga kaayusan ng Bagong Tipan, kung saan si Kristo ang magiging Tagapamagitan.

**Aralin 23**

# Wala Ng Kamatayan

1. Ang pananalitang "natural na pagkamatay" ay malimit na ginagamit sa pagko-kompara sa namatay ng aksidente, o sa namatay sa digmaan. Ngunit, ang totoo, kapag ang pinag-usapan ay ang tao, hindi naman talaga natural ang kamatayan. Ang tao ay nilikha upang mabuhay, hindi upang mamatay. Ang kamatayan ay naging bahagi ng karanasan ng tao dahil sa kasalanan. (Roma 5:12) Pagkatapos ng pagsuway ng ating mga magulang sa batas ng Dios, sila ay pinalayas sa halamanan ng Eden at pinagbawalang kumain ng bunga ng punong kahoy ng buhay, baka sila ay mabuhay nang walang hanggan. (Geneses 3:22, 23) Nangangahulugan ito na ang tao ay may kakayahang mabuhay nang walang hanggan, kung pinayagan siya ng Dios na magtamasa ng mga pagpapala na nailaan sa kanya.
2. Dahil sa pag-ibig ng Dios sa Kanyang mga taong nilikha, kahit na sumuway sila sa Kanyang utos, naglaan Siya ng paraan upang maiwasan ang walang hanggang kamatayan. Ang paglalaang ito ay si Kristo at ang Kanyang dugong nagtutubos, bilang katumbas ng kasalanan ni Adan. (Roma 3:25; I Juan 2:2) Nangangahulugan ito na sa pamamagitan ng pananampalataya sa dugong nagtutubos, ang buhay ay makakamtang muli, at

wala ng tao ang mapupuksa magpakailanman. —Juan 3:16, 17
3. Ngunit, ang pagkakataon ng pagtanggap kay Kristo at pagkamit ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan Niya ay hindi lamang limitado sa maiksing panahon ng kasalukuyang buhay na nakararanas ng kamatayan. Layunin ng Dios na iligtas ang sangkatauhan mula sa kamatayang dulot ni Adan sa pamagitan ng pag gising sa kanila mula sa pagtulog sa kamatayan, at sila ay paliliwanagan ng katotohanan na sila ay magkakaroon ng pagkakataon upang sumampalataya at sumunod. —I Tim. 2:3-6
4. Ang pagkakataon na tumanggap kay Kristo at tumanggap ng buhay na walang hanggan ay ipagkakaloob sa lahat ng mga tao sa panahon ng isanlibong taon ng mesianikong kaharian. Sinisiguro sa atin ng Salita ng Dios na ang isa sa mga ibubunga ng paghahari ni Kristo ay ang pagpupuksa ng kamatayan. —Osea 13:14; I Cor. 15:25, 26
5. Sa Lumang Tipan ang Kaharian Ni Kristo ay ihinalintulad sa isang malaking bundok na pupuno ng lupa. (Dan. 2:35, 44) Ipinangako ng Dios na sa bundok na ito ang luha ay papahirin at ang kamatayan ay pupuksain. (Isa. 25:6-9) Ang sakit ay kaakibat ng proseso ng unti-unting kamatayan, at tinitiyak sa atin ng Biblia na sa panahon ng kaharian ni Kristo ang sakit ay mawawala na. —Isa. 33:24
6. Ang isa sa mga paglalarawan ng Biblia ng mga pagpapala ng kalusugan at buhay na ipagkakaloob sa mga tao sa panahon ng paghahari ni Kristo ay ang isang makapangyarihang ilog — ang "ilog ng tubig ng buhay." May mga puno ng buhay sa tagiliran ng ilog na namumunga ng sapat na suplay ng bungang nagbibigay buhay, at sinabi sa atin na ang mga dahon ng mga "punong ito ay para sa kagalingan ng mga bansa." —Amos 22:1, 2, 17
7. Subalit walang tatanggap ng buhay na walang hanggan kapag hindi sumunod sa mga batas ng kaharian. Ang lahat na sadyang tatalikod sa biyaya ng Dios sa pamamagitan ng pagtangging maniwala o sumunod ay pupuksain sa makasagisag na "dagat-dagatang apoy," na tinutokoy bilang ang "ikalawang kamatayan." (Apoc. 20:14, 15) Ito ay pinagtitibay ni Apostol Pedro. —Gawa 3:23
8. Sa ganitong paraan ang naibalik na lahi ni Adan ay makawala na sa lahat ng sakit at kirot. Ang lahat ng luha ay papahirin, at wala ng dagdag na sanhi ng kalungkutan, dahil, gaya ng

tiniyak sa atin ng Panginoon sa pamamagitan ni Apostol Juan, "mawawala na ang kamatayan." At sinabi sa atin na "ang mga salitang ito ay tapat at totoo. —Apoc. 21:3-5

## Tulong Para Sa Mga Estudyante

**Mga Tanong**

Mahirap guni-gunihin ang isang mundo na walang sakit at kamatayan; ngunit ito ang ipinangako ng Panginoon, gaya ng ipinakita ng mga sagot sa tanong na ito.

1. Ang kamatayan ba ay natural at di-maiiwasang karanasan ng sangkatauhan?
2. Ano ang katiyakan sa atin na nasa Biblia na yaong namatay dahil sa kasalanan ni Adan ay hindi naparam magpakailanman?
3. Ang pagkakataon na tanggapin si Kristo ay limitado ba lamang sa maiksing yugto ng ating kasalukuyang buhay?
4. Sa pangkalahatan, kailan ang buong mundo ng sangkatauhan magkaroon ng kanilang "unang" totoong pagkakataon na tanggapin si Kristo? Ano ang isa sa mga ibubunga ng kaharian ni Kristo?
5. Ano ang isa sa mga paglalarawan ng Bibliya tungkol sa pagpapala ng buhay kapag ang mga ito ay dadaloy sa mga tao sa panahon ng paghahari ni Kristo?
6. Ano ang paroroonan ng mga taong sadyang aayaw o tatangging sumonod?
7. Mayroon pa bang ibang sanhi upang maging malungkot matapos ma-kompleto ang gawain ng kaharian ni Kristo?

*Pinagkukunang Materyal*

"The Divine Plan of the Ages," mga pahina 191, 192

## Sumaryo Ng Mahahalagang Punto

Kapag ang Plano Ng Dios Para Sa Tao ay maganap na, ang lahat ng kasalanan, sakit at kamatayan ay mawawala na sa lupa, at ang naibalik-na-na-sangkatauhan ay magtatamasa ng pabor ng Dios magpakailanman.